

# Certificate Program: Isang Mabining Hamog sa mga Uhaw na Kabalik Na di-medyor sa Filipino?

---

*Celia R. Lacanlale*

## **Abstrak**

*Ang pag-aaral na ito ay isang qualitative research na naglalayong matukoy ang impak ng Certificate Program batay sa mga pananaw ng mga gurong di-medyor at ng kanilang mga punungguro, sa pag-asang mairerekomenda ito bilang interbensyon upang maitaas ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino.*

*Sinuri batay sa resulta ng mga datos na nakalap mula sa 19 na gurong kalahok at 10 punungguro ang mga suliraning kinaharap bago nailunsad ang CP. Kasama rito ang mga sumusunod: a) ampaw na kaalaman sa nilalaman at kahingian ng asignaturang Filipino; b) mabuway na kaalaman sa pagpapadalo ng talakayan; c) garil na pagfi-Filipino sa midyum ng pagtuturo at d) kawalan ng kagamitang pampagtuturo nang makatawid sa tulay ng pag-unawa. Gayundin, natukoy ng mga kalahok ang mga solusyong naisagawa upang maibsan ang kanilang kakulangan sa tulong ng mga sumusunod: a) paghahanap/paghihiram ng mga kagamitang pampagtuturo; b) pagsasaliksik sa mga kailangan sa aralin; c) paghingi ng tulong sa iba; d) paghahanap ng mga estratehiyang pupukaw sa mga mag-aaral at e) pagpuno sa sariling kakulangan.*

*Batay rin sa mga resulta ng mga kasagutan mula sa talatanungan at panayam, ang CP ay naging mabining hamog o biyaya sa mga gurong di-medyor batay sa mga sumusunod na tema: a) malalim na pagkaunawa sa asignatura; b) paglinang ng positibong damdamin at saloobin sa pagtuturo; c) suhay-kaalaman sa pagpapadalo sa aralin at d) kasanayan sa wika: kasangkapan sa pag-abot ng pag-unawa.*

*Magkakatulad halos ang mga pananaw ng mga punungguro sa naging epekto ng CP sa kanilang mga guro batay sa kanilang mga obserbasyon. Maikakategorya ang mga ito sa mga sumusunod: a) malalim na pagkaunawa sa asignatura; b) pagbabago sa pamamaraan at teknik; c) pagbabago sa pag-uugali at pagpapahalaga at d) masarap na bunga ng Certificate Program: higit na pagkatuto ng mga mag-aaral.*

*Nagmungkahi rin ang mga gurong kalahok kung paanong maitataas ang kompetensi sa Filipino. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng mga sumusunod: a) pagpapatuloy sa Certificate Program at iba pang programang pangkasanayan; b) pagkakaroon ng mga aklat at kagamitang pampagtuturo; c) paghahanap ng mga pamamaraang titiyak sa partisipasyon ng mga mag-aaral; d) kooperasyon ng mga mag-aaral at e) guro bilang instrumento ng karunungan. Ganito rin halos ang mga nairerekomenda ng mga punungguro maliban pa sa pagbabawas ng loads ng mga di-medyor sa hindi nila medyor.*

*Batay sa mga natuklasan, ang CP ay isang alternatibong solusyon/interbensyon upang higit na maging epektibo ang mga gurong di-medyor sa Filipino, subalit hindi nangangahulugang, ito na ang katapusan sapagkat ang iba pang suliranin sa mga pampublikong paaralang sekundarya ay dapat pa ring aksyunang kapanabay nito ng DepEd, LGUs, service providers at iba pang stakeholders.*

---

Keyterms: certificate program, di-medyor, Filipino

## **ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO**

Wanted: Isang epektibong guro. Tunay na isang malaking kahingian sa pangarap na maisulong ang kalidad ng edukasyon sa anumang panig ng mundo ay ang pagkakaroon ng mga epektibong gurong may mataas na pananagutan upang maging kabalikat sa pagtatamo ng mga tunguhin at mithiing pang-edukasyon. Malaking bahagdan sa pagtatamo ng mataas na kalidad ng edukasyon ay sa bisa ng sistema ng paturuang pinakamalaking gampanin ng mga guro sa loob ng silid-aralan.

Maraming gurong naglipana sa iba't ibang paaralan subalit tila papaubos na lahi ang mga masasabing eksperto sa kanilang larangan. Bagamat sila'y kakaunti sa bilang, ang impluwensiya nila sa kanilang mga mag-aaral ay hindi matatawaran. Sila, sa kamalayan ng mga mag-aaral, ang kinakitaan nang may tunay na malasakit sa ganap nilang pag-unlad. Bunga nito, sila ay hinangaan, minahal at dinambana ng mga mag-aaral at maging ang paglipas ng panahon ay hindi sagka upang sila ay makalimutan.

Naniniwala si Berliner (1992) na ang ekspertong pagtuturo ay maisasagawa lamang ng maliit na bahagdan ng kompetent na guro na may ganap na masteri sa kanilang larangan. Ang ilang Teacher Education Institutions (TEIs) na kilala sa kanilang kahusayan ay nagmamarangya na pinapahalagahan diumano ng kanilang mga guro ang pagtuturo bilang isang serbisyo, misyon, oportunidad at pribileho at inaalay ang kanilang kagalingan sa iba nang walang kapara, at nagbibigay ng kapangyarihan sa kanilang mag-aaral sa tulong ng edukasyon, pagsasanay at pagpapanday ng kanilang kakayahan.

Ang konseptwalisasyon ng epektibong guro ay naglandas sa iba't ibang imbestigasyon at pananaliksik; karamihan sa mga pag-aaral ay gumamit ng "goal-oriented model" upang mataya ang pagiging epektibo ng guro (Stufflebeam at Shinkfield, 1994). Sinasabing epektibo ang guro kung naabot ang isang pinlanong layunin at nakaangklang mga gawain bilang pagsasakatuparan ng mga tunguhing pampaaralan. Ang lawak at lalim ng pag-abot ng tungkulin/ gawaing iyon ay salalayan ng pagiging epektibo ng guro ayon din kay Walberg (1986), kasama na rito ang mataas na bunga ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa mataas na pamantayan..

Tunay na napakahalaga ng papel na ginagampanan ng guro sa pagningas ng sulo ng karunungan, kasanayan at pagpapahalaga ng mga

mag-aaral sa pamamagitan ng kanyang malikhaing pakikipag-ugnayan sa proseso ng komunikasyon. Hindi lamang tumatanggap ng mensahe ang inaasahan sa mga mag-aaral bagkus inaasahang kailangan nilang tugunan ang paghahatid ng impormasyon ng guro sa tulong ng sariling pag-unawa't pagpapakahulugan. Bunga nito, tinawag ni Mayos (2008) ang guro bilang tagahubog at tagapanday ng sibilisasyon. Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon ay nagiging mabunga ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto gaano man ito naisin ng guro, medyor man o di-medyor. Kung gayon, kailan ba nagkakaroon ng mataas na kalidad na pagtuturo?

Ayon kay Peterson (1984), ito ay tumutukoy sa tiyak na gawaing edukasyunal o solusyon sa ipinamamalas na pangangailangan ng mga mag-aaral. Maaaring ito'y may kinalaman sa bunga, proseso at potensyal ng guro sa edukasyon. Sa pahayag na ito, lumalabas na napakalaki ng responsibilidad ng guro upang matighaw ang kauhawan ng mga ma-aaral batay sa kakailanganin niyang pag-unawa sa mga pamantayang pangnilalaman at pagganap sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Kailanganag taglay niya ang "sandata" upang malikhain at maparaan niyang magabayan ang mga mag-aaral sa pagtatamasa ng masteri sa mga nilalaman at kasanayan sa wika/asignatura.

Naniniwala naman si Campbell et al., (2004) na napakaraming dimensyon ng pagiging epektibo ng guro tulad ng mga malawak na saklaw ng papel na ginagampanan, masteri sa kurikulum at iba pa nitong komponent, sanligang baryabol, katangiang personal, kontekstong kultura ng organisasyon subalit ang kaalaman at preparasyon ng guro sa asignatura na dapat niyang turuan ay may malaking papel sa pagpapalabas ng higit na mabungang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Fennema at Loef-Franke (1992), binanggit niya na ang kaalaman ng guro sa nilalaman ng Matematika ay may malaking kaugnayan sa magiging gawi ng guro sa klasrum maging ng bunga ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung walang kompetensi ang guro sa mga batayang konsepto ng asignatura at tamang proseso kung paano ituturo ito ay maglalandas ito sa kawalan ng pagkaunawa ng mga mag-aaral. Mahihinuha rito na ang kawalan ng kaalaman sa asignatura ay magbubunga rin ng kawalan ng tiwala sa sarili ng guro na maaaring magdulot din ng mababang antas ng masteri ng mga mag-aaral.

Isang katulad na pag-aaral ay isinagawa nina Madeville at Liu (1997) na nagpapahayag ng kahalagahan ng mataas na lebel ng sertipikasyon upang makapagturo nang mahusay ang mga guro kaysa sa ibang may mababang sertipikasyon, gayundin, sinusog sa pag-aaral ni

Darling-Hammond (2000) ni binanggit ni Cruickshank et al (2006) ang pagbibigay diin na ang kahandaan/preparasyon at sertipikasyon ng guro ay ang mga pinakamalakas na prediktor sa mataas na "achievement" ng mga mag-aaral.

Sa pagsisiyasat sa mababang resulta ng National Achievement Test (NAT) sa sekundarya panuruang taong 2005-2006 na 44.3 bahagdan, 46.7 bahagdan sa 2006, 49.26 bahagdan sa 2007, napatunayang ito'y bunga rin ng uri ng paturuan sa ilalim ng napakaraming gurong hindi medyor sa iba't ibang asignatura. Ito'y lalo pang napatotohanan sa mga obserbasyong pangklase na hindi naging mabunga ang mga resulta dahil sa kawalan ng masteri at kaalaman ng guro sa nilalaman, maging sa proseso ng talakayan. Maraming maling konsepto at impormasyon ang naituturo sapagkat sa iba'y sadyang malayo ang itinuturo sa kanilang medyor.

Ang ganitong kalagayan ay hindi dapat magpatuloy kaya sa pagkaalarna ng Department of Education (DepEd) Bureau of Secondary Education (BSE) ay pinondohan ang mga gurong sumailalim sa Certificate Program sa mga asignaturang Filipino, Araling Panlipunan (APan), Technology and Livelihood Education (TLE) at Music, Arts, Physical Education and Health (MAPEH) na nag-aral sa magkakaibang Teacher Education Institutions (TEIs) at Center of Development (CODs) sa bansa. Para sa Rehiyon 3, ang mga gurong di-medyor sa Filipino at MAPEH ay pinaaral sa Bulacan State University (BSU) at Central Luzon State University (CLSU) naman para sa TLE at APan, panuruang taong 2007-2008 at 2008-2009.

Layunin ng Certificate Program na ito na masandatahan ang mga gurong di-medyor tungo sa mapaghamong proseso ng pagtuturo upang sila'y higit na maging epektibo. Ayon nga kay Levin at Lezotle na ipinahayag ni Stoll (1996) ang pagiging epektibo ay ang pagpapalabas ng inaasahang resulta o bunga. Susog naman nina Bell et al (2006) na ang pagiging epektibo ng guro ay masusukat kung nagkaroon ng pagkaunawa ang mga mag-aaral sa aralin at kung paano nila ginamit ang mga ito kung sila'y nasa labas na ng klasrum.

Sa kasalukuyan, bagamat may gradwal na pagtaas ng National Achievement Test (NAT) partikular sa Filipino, hindi pa rin gaanong makaigpaw ang resulta ng mga pagsusulit dahil marami pa ring gurong di-medyor na nagtuturo sa iba't ibang paaralan bunga na rin ng mga interbensyong politikal.

Ang Localization Law o R.A. #8190 ay isa ring sagwil sa pagkuha ng higit na mahusay/kwalipikadong guro sa asignatura dahil ang prayoridad ay dapat nasa barangay, sunod sa bayan/munisipalidad, tungo sa lalawigan. Kahit nasa mababang ranggo ay nakukuha basta nakaranggo sa residente nila. Magkaminsan, sa bisa ng mga "tag items" ay nabibigyan ng pagkakataong mapermanente ang mga guro sa isang paaralan at magturo kahit ang asignatura ay hindi saklaw ng kanilang espesyalisasyon. May mga pagkakataon din sa mga nakaraang panahon, nakukuha ang mga guro kahit sila'y hindi kasama sa Division Office Registry of Qualified Applicants (RQAs).

Kung kaya, namutiktik tulad sa kabuti ang mga gurong nagtuturo ng hindi nila medyor. Ang Dibisyon ng Pampanga ay hindi naging ligtas sa ganitong malungkot na kalagayan. Bagamat, sa panahon ng mananaliksik sa sangay, ay mayroon ng pakikipag-ugnayan sa mga solon upang maiwasto ang ganitong sitwasyon, ang akumulasyon ng mga gurong di- medyor ay nasa loob pa rin ng kabuuang sistemang pang-edukasyonal na kung hindi maaaksyunan ay magbubunga ng bansot na karunungan ng mga mag-aaral.

Ang mga pambansa, panrehiyon at pansangay na pagsasanay ng tatlo hanggang limang araw ay mga panimulang hakbang sa pagpapanday sa mga gurong di-medyor. Kasama na rito ang mga tulong teknikal ng mga superbisor ng instruksyon upang magtagpi sa kakulangan ng mga uhaw na kabalikat na ito sa proseso ng paturuan. Subalit kapansin-pansin pa rin na ang mga minsanang mga pagsasanay at isang oras na obserbasyon ay waring hindi pa rin sapat upang matulungan kapwa ang mga gurong medyor at di- medyor sa asignatura.

Kung gayon, lubhang napakahalagang matugunan ang pangangailangan ng mga guro partikular ang mga di-medyor na uhaw sa kaalaman sa nilalaman at sa pagpapadaloy ng mga araling pangklase upang maging epektibong kabalikat sa asignaturang kung saan sila nasadlak nang hindi nila kagustuhan. Kung kaya, dapat magbalangkas ng mga interbensyon ang DepEd upang matulungan ang mga gurong dahop sa kaalaman at kasanayan.

Ang Certificate Program ay ang naisip na solusyon noon at pinasailalim ang mga gurong tig-110 sa mga asignaturang Filipino, MAPEH, TLE at Araling Panlipunan sa Rehiyon 3 sa mungkahi rin ng mga superbisor sa 17 sangay batay sa ibinigay na pamantayan ng BSE. Ganito rin ang nangyari sa Rehiyon 4A, 4B at NCR. Subalit walang

halaga na maipagpatuloy ang ganitong programa kung hindi nasusuri ang kanyang impak at kahalagahan.

Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay isang pagtatangka upang mataya ang bisa o impluwensiya ng Certificate Program sa mga unang iskolar ng Sangay ,partikular sa Filipino upang magbigay-linaw kung ang "mabining hamog" o biyayang ito ay dapat pang ipagkaloob sa mga susunod pang katuwaang na gurong di-medyor na sadyang marami pa rin sa bilang. Kung hindi naman ay makatuklas pa ng iba pang alternatibong solusyon upang mahubog ang mga gurong ito ng kaalaman sa nilalaman, pamamaraan at estratehiyang kailangan sa asignatura, panlahat na kaalaman sa pagtuturo, kaalaman sa kanilang mga mag-aaral pati na kung paano nila gaganyakin ang mga ito sa pagtuturo(Beerens,2000) upang higit na maging epektibo.

### **Kaligiran ng Pag-aaral**

Ang pagpasok ng yugto ng Information and Communication Technology (ICT) ay lalo pang nagpatindi sa hamon kung paano magagamit ito sa klasrum upang higit na mapukaw ang interes ng mga mag-aaral sa mga aralin, mapadali at mapagaan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang nagdudumilat na katotohanan sa kasalukuyan ay higit na mulat ang mga bata sa makabagong hain ng teknolohiya kaya kailangang sumabay ang guro sa hibo ng makabagong sibilisasyon. Tila hindi lamang sapat na maalam ang guro sa nilalaman at prosesong pangklase bagkus ay dapat pa ring magkarron ng ibang kasanayan upang matawag na epektibo.

Ayon kay Arnilla (2008), ang guro ay siyang dapat gumamit ng masaklaw, malalim at integratibong set ng kaalaman sa pagtuturo. Ang kaalaman sa teknolohiya (kasama ang kabatirang teknikal at aplikasyon sa pagtuturo) ay isa lamang dimensyon sa kahusayan sa pagtuturo. Kung madali ang pagkatuto ng mga mag-aaral, sa patnubay ng guro, siya ay itinuturing na mahusay na guro.

Ayon naman kay Sutaria (1984), kung nais ng mga guro na maging epektibo at episyente sa pagsasagawa ng kanilang tungkulin at responsibilidad tungo sa pagtatamo ng pambansang kaunlaran, kailangan nilang ganap na masandatahan upang magampanan ang mga kailangan sa programang pang-edukasyon. Ang pagsasapanahon ng kanilang kompetensi ay nararapat na mabigyan nang tuon.

Maraming pag-aaral ang masaklaw at malalim na nagtalakay sa katangian ng mahusay na guro katulad ng binanggit ni Stinett (1983), na ang mahusay na guro ay interesado sa kanyang sariling pag-unlad upang magkaroon ng akademikong kompetensi, naghahanap ng paraan upang mapatatag ang propesyunal na pag-unlad sa tulong ng mga seminar-worksyap, obserbasyon, pagbabasa , patuloy na pag-aaral at gumagawa ng paraan upang magkaroon ng mabuting epekto/impluwensya ang natutuhan sa akademikong mundo sa loob ng klasrum.

Sa pagsisiyasat sa mga suliranin ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Pampanga noong Hulyo, 2011 ay natukoy ang walong malaking suliraning dapat tutukan at aksyunan upang mapaunlad ang sistemang edukasyunal, kasama na rito ang dami ng mga gurong di-medyor. Sa mga ipinasang ulat noong Agosto hanggang Setyembre 2011 bagamat parsyal ay kinakitaan ng bilang ng mga gurong di-medyor na maaaring magpahina sa uri ng paturuan. Pinakamarami ang Values Education na may 164, sunod ang Filipino na 83, 70 sa MAPEH , 53 sa Araling Panlipunan, 47 sa Science, 34 sa TLE/THE, 26 sa Mathematics at pinakakaunti sa English na may 20 bilang.

Paano aasahang magturo ang mga gurong di- medyor sa asignatura na hindi nila pinag-aralan? Maaari pa rin ba silang maging epektibo sa asignatura? Mapapalabas ba nila ang mga inaasahang resulta batay sa mga plano ng mga programang edukasyunal?

Ang Certificate Program ay nailunsad noon bilang interbensyon upang mapaunlad ang kapabilidad ng mga namutiktik na gurong di-medyor sa apat na asignatura sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman sa nilalaman, pagpapataas sa kompetensi sa pagtuturo at pagtataya ng pagkatuto. Naging mabunga ba ito sa mga gurong sumailalim ng ganitong pag-aaral?

Kung kaya't tatangkain ng mananaliksik na alamin ang mga pananaw ng 19 na gurong di-medyor sa Filipino mula sa mga pampublikong paaralang sekundarya sa Sangay ng Pampanga ,kasama ng mga pananaw ng sampung punungguro batay sa kanilang mga obserbasyon para masuri kung nagkaroon ba ng mabuting bunga ang Certificate Program noon.

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang bisa o impak ng Certificate Program , kung ito'y naging mabining hamog para sa mga uhaw na kabalikat na di-medyor sa Filipino. Kung

naisapanahon ba ng Certificate Program ang akademikong pangangailangan ng mga gurong ito upang makatugon sa higit nilang pangangailangan at ng kanilang mga mag-aaral.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga suliraning naranasan mo sa pagtuturo ng Filipino noong hindi pa inilunsad ang pag-aaral sa ilalim ng Certificate Program?
  - 1.1. Ano-anong alternatibong solusyon ang isinagawa mo noon upang malunasan ang mga kinaharap na suliranin?
2. Ano-ano ang naitulong ng Certificate Program sa pagtuturo sa Filipino?
  - 2.1. Sa pananaw ng gurong di-medyor sa Filipino
  - 2.2. Sa pananaw ng punungguro ng gurong di-medyor
3. Ano-anong solusyon ang maimumungkahi mo upang mapataas ang kompetensi ng mga mag-aaral sa Filipino?
  - 3.1. Sa pananaw ng gurong di-medyor sa Filipino
  - 3.2. Sa pananaw ng punungguro ng gurong di-medyor

### **Kahalagahan ng Pag-aaral**

Umaasa ang mananaliksik na ang mga insayt na bunga ng pag-aaral ay magiging kapaki-pakinabang sa mga sumusunod:

**Sa mga gurong di-medyor.** Magiging salalayan at inspirasyon ang natutuhang kaalaman at karanasan ng katulad nilang di-medyor upang naisin pang magpahubog at matuto para sa kapakinabangan ng kanilang mga mag-aaral.

**Sa mga gurong medyor sa Filipino.** Ang pag-aaral ay magiging “pambukas-mata” sa kanila upang lalong masolusyunan ang mga suliranin sa pagtuturo at magabayan ang mga gurong kasama sa departamento lalo na ng mga di-medyor, sa tulong ng kanilang mga SLACs (School Learning Cells) nang magkaroon ng kolaboratibong pagpapaangat sa Filipino.

**Sa mga administrador ng paaralan at mga opisyal ng tanggapan.** Magsisilbi itong “pangalabit” upang aksyunan ang pangangailangan ng mga gurong di-medyor at maituwid ang maling kalakaran sa pagkuha ng mga gurong hindi kailangan ng mga paaralan dahil ang asignatura ay hindi saklaw ng kanilang espesyalisasyon.



**Sa mga Local Government Units (LGUs), mga solon at iba pang stakeholders.** Magsisilbi ang pag-aaral nang “panggising” upang higit na mag-invest sa kaunlarang pantao ng sangay sa tulong ng paglalaan ng scholarship grants at training ng mga guro kapanabay ng pagpapaunlad sa mga gusali at pasilidad ng mga paaralan sa higit na kapakinabangan ng mga mag-aaral at lalong ikasusulong ng edukasyon at kaunlaran ng bansa.

**Sa mga service providers ng Certificate Program.** Magiging daan ang pag-aaral upang tayahin ang uri ng kurikulum na ibinibigay sa mga di-medyor nang ito’y mapalakas at umakma sa higit na kailangan ng mga guro at mag-aaral sa mga pampublikong paaralan.

**Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral.** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga pananaw ng mga gurong di-medyor sa Filipino na sumailalim sa Certificate Program (CP)for Non-specialist Teachers, na napili batay sa mga tinakdang pamantayan at pinaaral ng dalawang summer , paturuang taong 2007-2008, 2008-2009, sa naging mga suliranin nila bago ang CP, mga solusyong isinagawa; naitulong ng CP batay sa kanilang pananaw at ng kanilang mga punungguro at mga mungkahing solusyon upang mapataas ang kompetensi ng mga mag-aaral sa Filipino.

Sa 110 na pinanday na gurong di-medyor sa mga pampublikong paaralang sekondarya sa BSU sa buong Rehiyon 3, 19 ang galing sa Sangay ng Pampanga. Sila lamang ang isinama bilang mga gurong kalahok sa pag-aaral at 10 punungguro ang kinuhanan ng panayam bilang balidasyon ng sagot ng kanilang mga gurong kalahok.

**Pagbibigay-kahulugan ng mga Talakay.** Para sa kapakinabangan ng pag-aaral, binigyang linaw ang ilang katawagan sa tulong ng depenisyong konseptwal at opereysyunal:

**Certificate Program.**Ito ay isang kursong may kredito na nagtataglay ng nagkakaisang pag-aaral sa loob ng isang disiplina o kaugnay na disiplina.(<http://www.sacscoc.org/pdf>). Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa ibinigay na scholarship grant ng Bureau of Secondary Education(BSE) na may 24 yunit na kurso noong 2008 sa mga gurong di-medyor sa mga asignaturang Filipino, MAPEH,TLE at Araling Panlipunan.

**Mabining Hamog.** Denotatibong kahulugan ng mabini ay mahinhin, mayumi o tahimik samantalang ang hamog ay butil-butit na tubig na bumabasa sa mga dahon kung gabi at kung umaga bago sumikat ang araw; idyomatikong kahulugan ay kaginhawaan sa

mahihirap ( Diksyunaryo ng Wikang Filipino, Sentinyal na Edisyon,KWF, 1998). Sa pag-aaral na ito, ginamit ito upang magbigay ng konatatibong kahulugan bilang banayad o madalang na biyaya mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

**Uhaw na Kabalikat.** Tumutukoy ito sa pananabik o masidhing paghahangad (KWF, 1998). Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga gurong di- medyor sa Filipino na nagtuturo na malayo ang sa kanilang medyor kaya nangangailangan ng dagdag na kaalaman at kasanayan sa pagtuturo.

### **PAMAMARAAN NG PAG-AARAL**

Ang pag-aaral na ito ay isang *qualitative research*. Ginamit ito upang mahugot ang mga mahahalagang impomasyon/pananaw ng mga gurong di-medyor at ng kanilang mga punungguro hinggil sa naging impak o bisa ng Certificate Program ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Pampanga.

Ipinaliwanag nina Strauss at Corbin (1998) na ang *qualitative research* ay pag-aaral sa kondisyon ng mga ugnayang naganap, mga pamumuhay,karanasan, mga pag-uugali, mga emosyon ng tao, gayundin ang kanyang nararamdaman sa kanyang kapaligiran, kulturang kinagisnan, pakikisalamuha ng tao, mga simulaing umiiral, mga paniniwala, mga prosesong naganap, mga epekto, nararamdaman o mga kalakarang nalilintang at lumalaganap.

Ayon naman kay Vizcara (2003), ang *qualitative research* ay pag-aaral sa paksa. May kaunting bilang ng kalahok at bukas sa mga impormasyon hinggil sa paksa na makakalap sa mga kalahok ng pag-aaral.

Ang mga gurong kalahok sa pag-aaral ay 19, pinili sila sa pamamagitan ng purposive sampling dahil sila lahat ang naging iskolar ng Sangay ng Pampanga sa ilalim ng CP. Binubuo sila ng tatlong (3) lalaki at 16 na babae, na may edad mula 31 hanggang 55 taong gulang. Dalawa (2) ay walang asawa, 15 ay may-asawa at dalawa (2) ay balo.

Sa tagal ng pagtuturo, mailalarawan na tatlo (3) ay may 5-9 taon, dalawa ay may 10-14 taon, siyam (9) ay may 15-19 at lima (5) na may 20-24 taon na sa pagtuturo. Apat (4) sa mga kalahok ay tapos ng Bachelors Degree, siyam (9) ay patuloy na nag-aaral samantalang ang anim (6) ay tapos na ng kanilang masteral.

Ang pangunahing pinagkunan ng datos sa mga kalahok ay mga datos galing sa kanilang propayl at mga sagot sa talatanungan na naipamudmod sa tulong ng liham pansangay. Nilikom ang mga datos sa pulong ng mga gurong di- medyor. Gayundin, nagkaroon ng paglilinaw sa ilang mga tanong na humihingi ng reaksiyon (open-ended questions) sa tulong ng pakikipanayam sa kanila at kanilang mga punungguro. Binigyan nang sapat na panahon ang mga kalahok upang sagutin ang mga tanong.

Ang mga kasagutan sa mga tanong ay hinimay batay sa pagsusuring pangnilalaman. Nagtalaga ng mga kodigo at bilang sa mga kalahok (G-para sa guro at PG-para sa punungguro) at pinagsama-sama ang mga kasagutan/ susing sagot na magkakapareho upang makabuo ng mga kategorya. Sa huli’y masusing pinahalagahan at inilahad ang mga impormasyon o datos na nakalap sa mga mananalisisik.

Kasama pa ring sinuri sa pag-aaral na ito ang mga resulta ng National Achievement Test (NAT) ng Sangay at ng mga paaralan ng mga gurong kalahok sa pag-aaral pati na ng kanilang mga marka sa Performance Appraisal System for Teachers (PAST) upang magkaroon ng balidasyon sa kanilang mga kasagutan. Ang mga resulta ng NAT ay hinango sa Testing Coordinator ng Sangay. Inilahad ito sa pamamagitan ng pagtutuos (*mean percentage score*) at ng iba pang datos sa tulong ng *frequency at percentage distribution*.

## **RESULTA AT TALAKAYAN**

Iniharap sa bahaging ito ang resulta ng mga pagsusuri sa mga datos mula sa propayl at talanungan ng mga guro pati ng impormasyong bunga ng pakikipanayam sa mga punungguro. Inilahad ang mga suliranin ng mga gurong di-medyor bago ang pag-aaral sa Certificate Program; ang mga solusyong isinagawa upang masolusyunan ang mga personal na problema sa pagtuturo. Inilahad din ang naitulong ng Certificate Program batay sa kanilang pananaw at ng kanilang punungguro, at mga mungkahing solusyon upang maiangat ang kompetensi ng kanilang mga mag-aaral sa Filipino.

Tunay na napakarami ng mga gurong di-medyor sa Filipino, sa taong 2005 ay may kabuuang 154, na naging 136 taong 2006 at naging 118 taong 2007. Narito ang naisumiteng ulat sa Rehiyon 3 panuruang taong 2006- 2007. Bumababa ang bilang ng mga di-medyor kada taon sapagkat may mga ipinapasok na gurong medyor sa Filipino at

nagkakaroon ng pagsasaayos sa mga guro sa kanilang saklaw ng espesyalisasyon.

### **Talahanayan Blg. 1**

#### ***Distribusyon ng mga gurong di-medyor sa Pampanga na nagtuturo ng Filipino sa 7 klaster (2006-2007)***

<b>Klaster</b>	<b>I</b>	<b>II</b>	<b>III</b>	<b>IV</b>	<b>V</b>	<b>VI</b>	<b>VII</b>	<b>Kabuuan</b>	<b>Bahagdan (%)</b>
Chem.		1						1	.85
History	3	6	3	1				13	11.00
Eng.	5	8	12	4	8	6	2	45	38.10
Pol. Sci.	1							1	.85
Math	2	3	1	1		1	1	9	7.63
TLE	1	2	1	2	1	2	2	11	9.32
Bio.	2	1			1		1	5	4.24
Values	1		1	3	4	3	1	13	11.00
IA	1			1				2	1.69
PALED	1							1	.85
Library Sci.				2				2	1.69
Electronics						2		2	1.69
Journalism							1	1	.85
THE	2	1	2	4				13	11.02
<b>Kabuuan</b>	<b>19</b>	<b>22</b>	<b>20</b>	<b>18</b>	<b>14</b>	<b>14</b>	<b>11</b>	<b>118</b>	<b>100</b>

Makikita sa Talahanayan Bilang 1 na nasa unang ranggo ang English na may 45 na guro o 38.1% , magkasama sa pangalawang pwesto ang mga gurong medyor sa Technology and Home Economics (HE), Values at History na may tig-13 bilang o 11.02% na sinusundan ng 11 o 9.32% gurong medyor sa Technology and Livelihood Education (TLE). Pinakamalaking bilang ang mga gurong medyor sa English dahil pinakamalapit ito sa Filipino bilang asignatura kaya't sila ang pinapagturo ng kanilang mga administrador sa paaralan.

Apat ang pangunahing klaster na may pinakamaraming gurong di-medyor. Ang klaster II na binubuo ng mga bayan ng Gugua, Sasmuan at Porac na may 22 bilang o 18.64%; pangalawa ang klaster III o mga bayan ng Lubao at Floridablanca na may 20 bilang o 16.95%; ikatlo ang

Klaster I o mga bayan ng Mabalacat at Magalang na may 19 bilang o 16.10%; at pang-apat ang mga bayan ng Mexico, Sta. Ana at Arayat para sa Klaster IV na may 18 bilang o 15.25%. Lahat ng klaster ay katatagpuan ng mga gurong di-medyor.

Mahihinuha na napakahirap itaas ang kabuuang performans sa asignaturang Filipino sa harap ng napakaraming gurong di-medyor. Ipinahihiwatig nito na kailangang i-train ang mga gurong ito upang makapagturo nang higit na epektibo sa asignaturang Filipino.

Sa 118 gurong isinumite sa Rehiyong 3, 19 lamang ang pinalad na sumailalim sa scholarship grant para sa Certificate Program na unang inilunsad noong Summer 2008 at 2009 at ang natitira pang iba ay sinanay na lamang ng tatlong araw sa sangay.

### **Talahanayan Blg. 2**

#### ***Distribusyon ng mga gurong di-medyor sa Filipino na nag-aral sa ilalim ng CP***

<b>Medyor</b>	<b>Bilang</b>	<b>Bahagdan (%)</b>
History	2	10.53
Values	1	5.26
English	3	15.79
Math	3	15.79
Animal Husbandry	1	5.26
Home Economics	3	15.79
Political Science	1	5.26
Biology	1	5.26
Library Science	1	5.26
TLE	1	5.26
IE	1	5.26
PALED	1	5.26
<b>Kabuuan</b>	<b>19</b>	<b>100.00</b>

Makikita sa Talahanayan Bilang 2 na magkapareho sa bilang tatlo (3) o 15.79% ang mga kalahok na medyor sa English, Math at Home Economics, dalawa (2) o 10.53% naman ang medyor sa History at may tig-iisang bilang o 5.26% sa ibang asignatura.

Sa pagsusuri sa mga sagot sa propayl ng mga kalahok, karapat-dapat na palakasin ang kanilang kaalaman sa kontent/nilalaman, pamamaaraan at estratehiya, kasanayan sa pagsasalita sa wikang Filipino at iba pang tulong sa kagamitan upang maging epektibo sa pagtuturo dahil ang lahat ng minedyor ng mga guro ay sadyang malayo sa asignaturang Filipino at itinuturo ang mga ito sa wikang Ingles maliban lamang sa History at Values na mayroon ding panahon na itinuro nang matagal sa wikang Ingles.

### **Kabalikat Na Di Medyor: Sa Mapaghamong Mundo Ng Pagtuturo**

Iba-ibang suliranin ang inilahad ng mga gurong di-medyor bago sila nahamugan ng mga batayang kaalaman sa asignaturang Filipino. Tatalakayin sa bahaging ito ang mga sumusunod: ang ampaw na kaalaman sa nilalaman at kahingian ng asignaturang Filipino, mabuway na kaalaman sa pagpapadaloy ng talakayan, garil na pagfi-filipino sa midyum na pagtuturo at kawalan ng kagamitang pampagtuturo nang makatawid sa tulay ng pag-unawa.

**Ampaw na Kaalaman sa Nilalaman at Kahingian ng Asignaturang Filipino.** Labindalawa sa mga kalahok ang nagpahayag na hindi sila naging "confident" o nagkaroon ng tiwala sa sariling humarap sa mga mag-aaral sapagkat ampaw o kulang ang kanilang kaalaman sa asignatura kaya anila:

*"Di ako nakukuntento sa pagtuturo, parang may mali sa itinuturo dahil kulang ang aking kaalaman sa asignaturang Filipino kaya madalas ay di nakikinig ang mga mag-aaral."*

-G6

*"Di ko naibibigay ang karamptang impormasyon sa mga aralin."*

-G4

*"Nahihirapan ako sa mga paksang malalim lalo na sa teoryang pampanitikan, limitado ang aking alam sa asignatura kaya di ako "satisfied" sa aking mga binabahagi."*

-G5

*"Di ko alam kung paano ang tamang pagbasa sa tula, balagtas, sabayang pagbikas at pagsasalang wika."*

-G1

*"Nakakaramdam ako ng pangininginig ng katawan sa mga bagong aralin kahit gumugol ako ng maraming oras sa paghahanda at pananaliksik."*

-G3

*"Di ako masaya–nag-aalinlangan ako kung nakuha ng mga bata ang tinuturo kung tama o angkop ba ang tinuturo."*

-G7

Ang ibang guro ay nagwika pa ng mga ganito:

*"Wala akong kaalaman sa naturang asignatura kaya may halong kaba sa pagtuturo kaya nauubusan ako ng sasabihin."*

-G12

*"Nahirapan ako talaga dahil wala akong kaalaman sa mga teksto, tayutay at teorya sa panitikan..."*

-G11

Gayundin ang ipinahayag ng apat pang guro na nagsabing:

*"Di sapat ang aking kaalaman sa mga katawagan o salitang ginagamit sa Filipino."*

-G13

*"Suliraning pangwika... Di ko alam ang tayutay, teoryang pampanitikan at pagsusuri sa mga akda."*

-G16

*"Kaya nagbubunga ito na hindi ako "confident" na humarap sa mga mag-aaral dahil limitado ang aking kaalaman."*

-G14

*"Nahirapan ako sa pagpapaliwanag ng katawagan lalo na sa gramatika."*

-G15

Dahil sa kawalan ng kaalaman sa asignatura, sa kabuuan na malayo sa kanilang medyor, naging suliranin ito ng mga guro kung paano higit na maging masigla at mabunga ang pagtuturo. Ipinahayag ni Mack (2010) na ang isang mabuting guro ay nagpapakita ng kasiglahan

sa kanyang trabaho at ipinapamalas ito sa paarang dinamiko at may tiwala. Nagbubunga ito ng pagkagiliw ng mag-aaral lalo na kung may paluwag-tawa ang mga guro. Kung paano maaabot ng mga gurong di medyor ang "*competence*" at "*confidence*" sa pagtuturo ay isang malaking kaisipan sa kanila bago ang Certificate Program.

### **Mabuway na Kaalaman sa Pagpapadaloy ng Talakayan.**

Isang mahalagang baryabol sa pagpili ng paarang gagamitin ay ang mga mag-aaral. Mahalagang salik ang kanilang kakayahan, kawilihan, karanasan at pangangailangan (Belvez, 2010). Maaaring may panlahat na kaalaman ang guro sa kanyang mag-aaral subalit kung kulang at mahina ang kanyang kaalaman sa iba't ibang pamamaraan, estratehiya, teknik sa pagpapadaloy ng aralin, hindi magiging kawili-wili at epektibo ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Dapat ay magkaroon ng iba-ibang paraan ang guro sa paglulunsad ng mga aralin, sa paglinang ng mga gawain at maging sa paraan ng pagtataya at ebalwasyon. Maliban pa sa pag-aangkop ng guro sa mga kagamitang awdyo-biswal nang maiwasan ang pagkabagot ng mag-aaral, mabawasan ang mga suliranin sa klasrum, maganyak ang mga batang lumahok sa mga talakayan upang magbunga ng katanggap-tanggap na resulta (Politzer at Weirs, 1970) na binanggit din ni Belvez (2010).

Marami sa mga gurong kalahok ay nagpahayag ng kanilang mabuway na kaalaman sa pagpoproseso ng aralin kaya't ang pagtatamo ng mga layuning pampagkatuto ay hindi ring matiyak kung naabot o nakamit.

*"...Nangangapa ako sa mga angkop na estratehiya, kapos ng kaalaman sa Mga teknik sa pagganyak."*

-G2

*"Kulang ang kaalaman ko sa estratehiya."*

-G3, G7

*"Kulang ako sa paraan upang magkaroon ng interes ang bata sa tinuturo at kung paano maipaunawa ang nais na ipakintal sa kanilang kaisipan."*

-G9

*"Problema ko ang mga pangkatang gawain at pagkawala ng interes ng mga bata sa aking pagtuturo."*

-G10



*"Nahihirapan ako sa mga estratehiya, motibasyon at di ko alam ang kolaboratibong gawain."*

-G11

*"Wala akong alam sa pagpapasigla sa klase at di-malinaw kung paano maitransfer sa bata upang maunawaan ang aralin."*

-G12

*"Limitado ang kaalaman ko sa estratehiya na nagiging balakid sa pagpapalawak ng talakayan."*

-G15

Binanggit ni Villafuerte (2008) ang mga katangian ng mabuting estratehiya sa pagtuturo na sa palagay niya ay mabisa: angkop sa kakayahan/kawilihan ng mga mag-aaral, bunga ito ng pagtutulungan ng mga guro at mag-aaral, nagtataglay ng probisyon para sa pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral, nagsasaalang-alang sa karanasan ng mga mag-aaral, humahamon sa kakayahan ng guro at mag-aaral, nagtataglay ng maayos na pagkasunod-sunod ng mga hakbang, nakakaakit sa aktibong partisipasyon ng klase, bunga ito ng masusing paghahanda ng gurong nagsasagawa, nakatutulong sa ikatutupad ng layunin ng pagtuturo at sa huli nananangan sa mga batas o simulain ng pagkatuto.

Ipinahihiwatig nito na kung dahop ang kaalaman sa mga nilalaman ng aralin ,basikong kaalaman sa mga mag-aaral at hindi pa alam ang tamang proseso ito sa klase, magbubunga ito ng tiyak na marawal na uri ng pagtuturo at pagkatuto. Ito'y napatutunayan sa pagitan ng mga obserbasyong pangklase na mali ang mga impormasyong itinuturo ng guro at nagkukulang pa sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

**Garil na Pagfi-Filipino sa Midyum na Pagtuturo.** Isang kalabisang liwanagin pa na ang pagtuturo sa Filipino ay dapat gumamit ng wikang sinasalita at nauunawaan ng lahat. Isang wikang pinakamatibay na nagbibigkis sa bayan at nagpapaunlad ng mga mithiin, lunggati at damdamin. Sa paturuan at pagtuturo, ang wika ay lubhang mahalaga upang magtagumpay ang ginagawang pagtuturo subalit ayon sa apat na gurong kasama sa pag-aaral:

*"Di ako makapagturo ng diretsong Filipino."*

-G6

"Nagsasalita ako ng English sa pagtuturo."

-G8

"Hirap na hirap akong ipahayag ang wastong kaalaman sa Filipino."

-G13

"Minsan nagpapaliwanag ako sa English. Di ko kayang sabihin sa Filipino. Kulang ako ng kasanayan sa pagtuturo ng Filipino."

-G18

Masasalamain sa mga pahayag ng mga guro na ang naging midyum ng paturuan ay hindi ganap na Filipino bagkus ay Engalog (mas maraming English kaysa Tagalog) at Taglish (mas maraming Tagalog kaysa English) kaya anong aasahan sa paraan din ng komunikasyon ng mga mag-aaral?

Binanggit ni Guamen et al (1986) na malaking pagkakaugnay ng gamit ng wika at ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pasalita at di –pasalitang paraan ng komunikasyon ay makakalikha ang guro ng mag-aaral na mahiyain, ayaw mag-aral, may respeto sa sarili at sa guro, o di-kaya'y mababang pagtingin sa sarili.

Mahalaga, samakatuwid, na linangin ng guro ang kakayahan sa paggamit ng wika para sa ikauunlad ng komunikasyon at sa ikabubuti ng pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral.

Sinisikap ng mga dalubwika na makatuklas ng mga kaparaanang pedagogikal upang mapanatili ang tunay na komunikasyon sa loob ng klasrum. Layunin nilang malinang ang katatasan sa pagsasalita ng mag-aaral na magagamit sa loob at labas ng klasrum. Napakataas ng malasakit na mapaangkin sa mag-aaral ng habangbuhay na pagkatuto sa wika upang maabot ang mataas na lebel ng kakayahan (Badayos, 1999). Ito ay maisasagawa lamang kung ang mga gurong nasa harapan ng mag-aaral ay may kakayahang komunikatibo na magsusulong sa ganitong mithiin.

Ayon naman kay Chomsky (1965) ang kasanayang komunikatibo ay magkasamang *language competence at language performance*. Ang *language competence* ay nauukol sa kaalaman sa wika samantalang ang *language performance* ay ang kakayahan sa paggamit ng wika. Samantala kina Canale at Swain (1980), apat ang elemento para masabi

na may *communicative competence* ang tao. *Linguistic* o *grammatical competence* ay kakayahan sa wastong paggamit ng gramatika, *sociolinguistic competence*, paggamit sa wika sa kontekstong sosyal – paghahalaw batay sa paksa at layunin, *discourse competence* na tumutukoy sa pag-unawa hindi lamang sa isang pangungusap kundi sa buong *discourse* at *strategic competence* na paggamit sa mga estratehiya para makapagcompensate sa imperpektong kaalaman sa wika.

Ipinahihiwatig ng mga unang pag-aaral ng mga dalubwika, na hindi madali ang pagkakaroon ng *language competence* kaya nangangailangan ng matiyagang pag-aaral at pagsasanay sa wika upang maabot ang katatasang minimithi para sa mga guro at mag-aaral.

**Kawalan ng Kagamitang Pampagtuturo nang makatawid sa tulay ng pag-unawa.** Isang di mapapasubaliang katotohanan ang kahalagahan ng mga kagamitang pampagtuturo sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Guro ang pumipili ng kagamitan at isinasaalang-alang niya ang kawilihan, motibasyon at tuwa ng mga mag-aaral (Buenaventura, 1999) sa layong maabot ang kakailanganing pag-unawa.

Ayon kay Lardizabal et al (1995), mahalagang kasangkapan sa epektibong komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral ay teknolohiyang pang-edukasyon. Pinatunayan niyang gumaganap ito ng mahalagang papel sa epektibong pagtuturo at pagkatuto.

Maliban pa sa kahingian ng makabago at higit na sopistikadong paraan ng pagtuturo sa Filipino, nabanggit na suliranin ng tatlong gurong di-medyor ang mga sumusunod:

*"Kulang ang mga batayang aklat."*

-G1

*"Kailangang maghanap ng mabuting aklat at mapanghahawakang reperensya."*

-G2

*"Walang aklat at manwal na ibinibigay ang Central Office."*

-G18

Bagamat isinusulong ng DepEd ang probisyon ng ICT sa klase at pagpapagamit ng laptop sa mga guro at mga mag-aaral sa

kasalukuyan, isang malinaw na suliranin ng mga gurong di-medyor ay kung paano magkaroon ng aklat na magiging gabay nila sa pagtuturo pati na ng kanilang mga mag-aaral. Sa katunayan, sa panahon ng Basic Education Curriculum(BEC), walang aklat talagang ipinalabas ang Central Office bagkus iniwan na lamang sa mga publishing houses ang pagpapalabas ng mga sangguniang aklat na BEC-based. Kung may mga aklat man noong panahong ito ay yaong nakahulma sa nakaraang kurikulum na SEDP.

Bagaman apat lamang ang natukoy na pinakasuliranin ng mga gurong di-medyor sa bahaging ito, mahahalaw na ang mga ito ang mga pinakamabigat na sanhi ng kawalan ng kakayahang maging epektibong guro sa harap ng kanilang mga mag-aaral at makasunod sa kahingian ng programang pang-edukasyon sa Filipino.

### **Alternatibong Solusyong Ginawa ng mga Di-Medyor sa mga Kinaharap na Suliranin**

Mulat sa kanilang mga suliraning kinaharap, naging malikhain at maparaan ang mga gurong di-medyor upang masolusyunan ang mapait na karanasan.

**Paghahanap at Paggamit ng mga Kagamitang Pampagtuturo.** Walong guro ang naging maparaan at mailkhain sa paghahanap, panghihiram at paggawa ng mga kinailangang kagamitan upang hindi lamang mairaos ang mga aralin kundi higit na maging makabuluhan ang pagtuturo.

Ayon sa kanila:

*"Gumamit ako ng mga visual aids, larawan at iba-ibang aklat sa Filipino."*

-G 2, 11, 12, 13

*"Naghiram ako ng mga aklat at ibang materyal sa mga private schools at minsan nagpapahotocopy."*

-G 1, 6,9,18

**Pagsasaliksik sa Kailangang Aralin.** Tatlo ang higit na maalam sa kompyuter kaya't sinaliksik nila ang mga teksto at mga akdang pampanitikan sa internet at yaong mga paksang malabo sa kanila. Bilang patunay, winika ng mga guro ang mga sumusunod:

*"Nagbubukas o ginagamit ang internet access."*

-G9

*"Gumawa ako ng pananaliksik at nag-internet."*

-G10

*"Sa tulong din ng internet lumawak ang aking kaalaman at ibinibigay ko rin itong takdang aralin sa mga mag-aaral."*

-G14

*"Dahil sa kakulangan sa ginagamit na aklat, nagsasagawa ako ng research kaugnay ng asignatura."*

-G15

**Paghingi ng Tulong sa Iba.** Apat na guro ang nagwika na hindi nila taglay ang kaalamang kailangan sa pagtuturo at buong kababaang loob na lumapit at nagpatulong nang kusa sa mga kasamang medyor sa paaralan.

*"Upang maibsan ang mga kinakaharap na mga suliranin ay humingi ng gabay at tulong sa mga gurong medyor sa Filipino."*

-G4

*"Nagtatanong ako sa mga gurong kilala kong medyor sa Filipino maliban pa sa mga kasamahang lider sa Filipino."*

-G9

*"Humingi ako ng payo kay Bb. Trinidad Reyes (ES II sa Filipino) hinggil sa suliranin."*

-G12

**Paghahanap/Paggamit ng mga Estratehiyang Pupukaw sa Partisipasyon ng mga Mag-aaral.** Limang guro ang bumanggit na pinilit nilang solusyunan ang mababang partisipasyon sa klase at kawalan ng interes ng kanilang mga mag-aaral.

*"Tuwing may bakanteng oras ay naghohome visitation upang hingan ng tulong ang mga magulang para magabayan ang kanilang mga anak."*

-G6

*"Kapag pangkatang gawain na ang iba ay hindi nakikisalamuha o nakikibahagi. kaya iniiba-iba ko ang mga lider sa iba't ibang gawain, inaatasan ko ang lahat na magsalita para malaman ko na talagang naiintindihan nila ang aralin."*

-G8

*"Naghanap ako ng mga paraan upang magkaroon ng interes sa itinuturo at makuha ang atensyon ng mga mag-aaral."*

-G9

*"Naghanap ako ng mga estratehiya para mapukaw ang interes ng aking mga mag-aaral."*

-G14

*"Tinuruan ko ang mga batang di-nakababasa at mabagal na bumasa sa reading corner upang makasama sa mga talakayan."*

-G17

**Pagpupuno ng Sariling Kakulangan.** Dalawang guro ang nagpahayag na nakakahiyang pumasok sa klasrum na kulang ang kaalaman sa asignatura at di naibibigay ang karampatang impormasyon at kasanayan sa mga mag-aaral kaya ninais nilang magpakadalubhasa sa Filipino.

Ganito ang ipinahayag nila:

*"Kadalasan ay ginagambala ko ang makabuluhang panahon ng aking Koordineytor sa Filipino upang ipaliwanag niya sa akin ang mga aralin at sabay ay humingi rin ng mga panuto at gabay upang hindi maligaw sa bagong landas na aking binabagtas."*

-G3

*"..patuloy po akong nagbabasa at nag-aaral sa mga araling hindi ko kabisado at nag- attend po ako ng mga seminar at training para ma-aplay ko ang mga ito sa aking pagtuturo."*

-G16

*"Dumalo ako sa mga pagpupulong o miting sa Filipino at mas binigyan ko ng panahon ang pagbabasa ng iba't ibang libro sa Filipino."*

-G13

Pinatunayan ng mga naunang pahayag na hindi natulog ang mga gurong di-medyor na kalahok sa pag-aaral dahil naghanap sila ng mga solusyon/interbensyon noon upang makawala sa sapot ng kawalan ng kakayahan tungo sa pag-abot nang higit na pag-unawa sa asignatura at ng pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral upang makamit ang mga layuning pang-edukasyon.

### **Naitulong ng Certificate Program sa Pananaw ng mga Gurong Di-Medyor**

Siniyasat ang naging impak o bisa ng Certificate Program sa mga gurong di-medyor. May malaking konsistensi ang mga sagot ng mga kalahok na wari'y katugunan ang CP sa kanilang suliraning kinaharap dati. Sa bahaging ito, ilalahad ang mga sumusunod na paksa: malalim na pagkaunawa sa asignatura, paglinang ng positibong damdamin at saloobin sa pagtuturo, suhay sa pagpapadaloy sa aralin at kasanayan sa wika :kasangkapan sa pag-abot ng pag-unawa.

**Malalim na Pagkaunawa sa Asignatura.** Siyam na guro ang nagpahayag na nakatulong ang CP sa pagkatuto nila sa kontent ng asignatura. Ang kaalaman ng guro sa nilalaman (content) ng ituturo ay kapwa nakakaapekto kung ano at paano ituturo ang aralin (Grossman,1995) ni binanggit ni Cruickshank et al (2006) . Kung minsan ay nagbibigay ng higit na panahon ang guro sa paksang kanyang nalalaman at iniwasan ang mga paksang di-alam. Kung kaya, ang isang baguhang guro lalo na di-medyor ay hindi natatapos ang lahat ng saklaw ng mga aralin na nakahanda sa paturuang taon. Bunga nito, nadedehado ang mga mag-aaral sa mga kaalaman at kasanayang dapat matutuhan.

Ang pagdaragdag ng kaalaman, kasanayan at karanasan sa mga guro sa ilalim ng Certificate Program ay pagsusuhay sa limitadong alam sa asignatura. Ito rin ay nagpapatibay sa mga dating iskema at pagwawasto/balidasyon sa di-mabilang na kalituhan at katanungan sa pagtuturo ng asignaturang malayo sa pinag-aralan.

Ayon nga kay Kamber (2000), na binanggit din ni Cruickshank (2006) kung walang kaalamang propesyunal sa asignatura ang guro ay

kahalintulad wari ito ng pagbibigay ng matinding dyeta sa nilalaman. Dagdag pa niya, "Ang kaalaman sa kontent ay nakapag-iimpluwensiya sa *students'achievement*, at ang kaunlarang propesyunal ay nakadaragdag ng pagkamal ng kaalaman sa asignaturang tinuturuan, sa mga mag-aaral, sa kultura, karanasan, mga prinsipyong pedagogikal nang makapagturo nang may kaangkupan."

Ganito ang ipinahayag ng siyam na guro. Ilan sa kanilang mga pahayag:

*"Nakatulong nang malaki ang CP sa pagtuturo sa Filipino dahil nagkaroon nang malalim na pagkaunawa/pagkatuto at pagmamahal sa asignatura, upang ganap na matalakay ang mga aralin."*

-G2

*"Mistulang matatag na sagwan sa aking paglalayag sa maalong dagat ng pagtuturo ng asignaturang Filipino ang mga kaalamang naihasik sa aking pagsuong sa CP. Ngayon, batid kong magiging higit na maayos at matagumpay ang aking paglalayag sa pagtuturo ng Filipino."*

-G3

*"Naging mas epektibo ako sa pagbibigay ng mga kaalaman o impormasyon sa iba't ibang araling pinag-aaralan sa Filipino....tumaas ang kalidad ng pagtuturo at naibibigay ang mga sapat na kaalaman."*

-G4

*"Naging malinaw sa akin ang lahat. Naibabahagi ko ang dating hindi ko alam."*

-G14

Malinaw batay sa mga pahayag ng mga guro na naging susi ang CP upang makaramdam sila ng tagumpay sa pagtuturo dahil sa mga naipunlang kaalaman ng programa tuloy ay naging higit silang epektibo sa kanilang mga mag-aaral.

**Paglinang ng Positibong Damdamin at Saloobinsa Pagtuturo.** Anim na guro naman ang bumanggit na nagkaroon sila ng tiwala at kasiyahan sa pagtuturo sa Filipino dahil sa mga natutuhan sa CP. Bilang patunay, ayon sa kanila:



*"Nagkaroon ng tiwala sa sarili na kaya ko nang ituro ang asignaturang Filipino."*

-G5

*"...naging bihasa sa pagtuturo, hindi na nangangapa o nalilito at higit sa lahat ay lumaki ang kumpiyansa sa pagtuturo."*

-G6

*"Nagkaroon ako ng tiwala na sigurado ng alam at maibabahagi nang maayos ang tungkol sa itinuturo."*

-G10

*"Nadagdagan din ang kompiyansa ko bilang guro sa paraan ng aking pagtuturo. Lumawak ang aking dedikasyon sa pagtuturo at lalong napamahal ang asignaturang ito sa akin na siyang ikikintal ko rin naman sa aking mga kaguro at mag-aaral."*

-G15

*"Nagkaroon po ako ng self-confidence sa pagtuturo ng Filipino."*

-G12

Ang mga bata gaano man kabata ay matalino nang nakapagmamasid kung may tiwala sa sarili ang guro at kung mahusay siyang pinuno sa klase. Ang pagsasalita ng guro, kilos, galaw, ekspresyon ng mukha ay nagpapakita kung paano mamahala, magturo at mamuno sa klase. Ito ang bisa ng berbal at di-berbal na komunikasyon na nasasagap at nararamdaman ng mga mag-aaral.

Ayon kay Rogers(2003), ang awtoridad ng guro ay naipamamalas sa pamamagitan ng tiwala na nanggagaling sa kakayahang magtrabaho o makabuo ng magandang ugnayan sa pamamagitan ng tono na may layunin, angkop na malasakit, pagmamahal, pagkamagiliw , kakayahang umakma sa mga gawain, interes kasama ng mga awdyo-biswal na tinutugunan ng mga mag-aaral.

Batay sa kasagutan ng mga guro, mahihinuha na napakalaking naging impak ng CP upang lumawak ang kanilang kaalaman na nagbunga ng lalong mabuting pagpapahalaga sa asignatura at dahil din sa saya (satisfaction), naging higit silang epektibo sa pagtuturo para sa kagaligan ng mga mag-aaral.

**Suhay-Kaalaman sa Pagpapadaloy ng Aralin.**Sampung guro ang naniniwalang nakaambag ang CP upang lumawak ang kaalaman nila sa mga pamamaraan sa pagturo.Sa kasaysayan ng pagtuturo ng wika, maraming nabuong pamamaraan na naging panulakang bato sa pagtuturo subalit habang lumilipas ang panahon ay may mga bagong pamamaraang sumisibol.

Ano ang pamaraan? Nagbigay si Edward Anthony (1963) na binanggit ni Badayos (1999) depinisyong hanggang ngayon ay ginagamit. Ang dulong ay isang set ng mga pagpapalagay hinggil sa kalikasan ng wika, pagkatuto at pagtuturo. Ang paraan ay isang panlahat na pagpapalano para sa sistematikong paglalahad sa wika at batay ito sa isang dulong. Samantala, ang teknik ay tiyak na gawaing malinaw na makikita sa pagtuturo at konsistent sa dulong at pamamaraan.

Bagamat walang malinaw na batas na nagsasabing ang isang pamamaraan at estratehiya ang pinakamabisa sa lahat, ang kaalaman sa iba't ibang pamamaraan, estratehiya at teknik ay tila isang gintong baul na sisidlan na maaaring paghugutan batay sa uri, interes , talino, kultura, karanasan ng mga mag-aaral.

Ayon kay Corno at Snow (1986), bawat indibidwal ay tumutugon ng iba-iba sa maraming estratehiya sa instruksyon at ito'y sinusugan ni Brophy at Good (1986) na binanggit nina Eggen et al (2001), ang isang praktis/ pagsasanay na kinakitaan ng pagiging epektibo sa isang tipo ng mag-aaral ay maaaring di-epektibo sa iba.

Ang lawak at kalidad ng preparasyong propesyunal ay nakakaapekto sa kalidad at estilo ng pagtuturo. Ang kaalamang kung paano magturo (proseso) ay may malaking impak sa pagtuturo sa klasrum, na binibigyan ng kaukulang *rating* din ng punungguro at mag-aaral (Hammond, 2000).

Maaaninaw sa mga pananaw ng sampung guro na nakatulong nang malaki ang CP sa pagtatamo nila ng iba't ibang estratehiya. Bilang patunay:

*"Naging magaan ang pagtuturo sa Filipino dahil sa natutuhang iba't ibang metodo sa Filipino."*

-G7

*"Marami akong natutuhang mga kasanayan at teknik upang ang aking mga mag-aaral ay sumulong at matuto."*

-G8

*"Natugunan ang mga suliranin at katanungan kung paanong iturong may kabuluhan sa mga mag-aaral lalo na ang iba't ibang teksto."*

-G9

*"Naging magaan ang paglalahad sa klase dahil nalaman ang mga metodo at estratehiya."*

-G10

*"Natuto rin akong gumawa ng mga tanong upang maunawaan ng aking mga mag-aaral ang aking tinatalakay."*

-G5

*"Natutuhan ko ang pamaraan ng pagtuturo sa mahahalagang gawain gaya ng pagbabalak, pagsusuri, pagtatanong, pagtatalakayan, pagsubok ng mga simulain at tuntunin."*

-G11

*"Natuto ako ng mga estratehiya at mga motibasyon na kailangan ko sa pagtuturo at higit sa lahat naging masaya ako sa pagtuturo sa Filipino."*

-G17

*"Dahil sa CP, nagkaroon ng pagbabago sa pamamaraan sa pagtuturo."*

-G12

Tunay ngang, "ang guro ay may malaking impak sa pagkatuto ng mga mag-aaral," (Marzano, 2003) sila ang susi upang magkaroon ng interes ang mga gawaing pangklase, "at ang mataas na kalidad ng pagtuturo na sinusupportahan ng estratehikong kaunlarang pampropesyunal ay makapagdudulot ng dramatikong kaunlaran sa pagkatuto (Rowe, 2003).

**Kasanayan sa Wika: Kasangkapan sa Pag-abot ng Pag-unawa.** Ang CP ayon sa mga pahayag ng tatlong guro ay nakatulong upang sila'y makaagapay sa kahingian ng pagtuturo sa wikang Filipino.

Nasa kamay ng guro upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng pangunahing kaalaman at kasanayan na mahalaga sa pagdukal nang mas mataas na karunungan. Wika ang nagsisilbing tulay upang maihatid ng ibang tao ang kanyang mithiin, saloobin, pangarap, paniniwala, kaalaman, kaugalian, pilosopiya sa iba. Ayon kay Constantino (1996), ang wika ay pangunahing instrumento ng komunikasyong sosyal. Kung gayon, nararapat lamang na maging bihasa ang guro sa wika upang ang kanyang mga mag-aaral ay makapag-isip, makapagsalita at makapagsulat sa parehong wika.

Ganito ang naging pahayag ng tatlong guro:

*"Lalo ko pong nalinang ang aking kakayahan sa pakikipagtalastasan."*

-G1

*"Naiaplay ko ang mga natutuhang kaalaman, gayundin ang pagtuturo sa wika, gramatika at pagsulat."*

-G16

*"Naging madali ang pagpapaliwanag dahil sa mga karanasan at kaalamang natutuhan."*

-G18

Si Wells (1987) na binanggit ni Mayos (2008), ay nagsabing ang interaksyon sa klase ay kinapapalooban ng tatsulok na ugnayan ng tagahatid ng mensahe, tagatanggap nito at konteksto ng sitwasyon, pasulat man o pasalita.

Sa pagtalakay sa aralin sa ilalim din ng integratibo, nakatuon ang pagtuturo sa limang makro kasanayan. Ang mga pamamaraang partisipatib, fasilitatib at komunikatib ay mga katangian ng pag-aaral na integratibo; ang guro ang tagapagdaloy ng aralin at ang mga mag-aaral ang mga tagagawa ng mga aralin/gawain. Sila ay aktibong nagsasalita, nakikinig, nagbabasa, sumusulat, at nanonood. Ginagamit nila ang wika sa matalino, mapanuri at malikhaing paraan (Mayos, 2008).

Dahil dito, inaasahang dapat parehong mahusay makipagtalastasan ang guro at mga mag-aaral upang matamo ang mga layuning pang-edukasyon.

Sa ilalim ng natalakay sa bahaging ito, mahuhugot na nagkaanyo sa isip ng mga guro ang mga kaalaman at kasanayang pangwika na dapat ituro sa mga mag-aaral at ang mga kaalamang natutuhan ay malinaw na sulo upang sila'y maging epektibo sa pagsasalita at pagtuturo sa wika.

Upang masiyasat kung totoong nagkabisa nga ang CP sa pagtuturo ng mga gurong kalahok ay siniyasat ang kanilang *performance rating* gamit ang kanilang *Performance Appraisal System for Teachers (PAST)* bago ang CP at pagkatapos ng dalawang summer training.

### Talahanayan Blg. 3

#### **Resulta ng performance rating ng mga gurong kalahok sa CP**

2007-2008	2008-2009	NAG	2009-2010	NAG	2010-2011	NAG
8.15	8.24	.09 %	8.31	0.07%	8.96	0.65%

Sa pagsisiyasat sa mga datos, makikita sa talahanayan na may pataas na pag-unlad ang mga marka ng mga guro. Ang pinakamataas ay pagkatapos ng huling summer training na may Net Achievement Gain na 0.65% at kung ihahambing ang 2007 sa 2010 ay may .81% na pagtaas. Bagamat mayroon pang ibang salik sa pag-unlad ng marka ng mga gurong kalahok tulad ng dagdag na karanasan, at iba pang plus factors, naniniwala ang mananaliksik na nakatulong din ang CP sa mga gurong kalahok sa pagtatamo ng Very Satisfactory Rating.

### **Pananaw ng mga Punongguro sa Certificate Program**

Sa personal na pakikipanayam sa mga punongguro ng mga gurong di-medyor, nakuhanan sila ng mga pananaw hinggil sa paksa. Maikakategorya ang kanilang pananaw sa apat na paksa: malalim na pagkaunawa sa Filipino, pagbabago sa pamamaraan at teknik, pagbabago sa pag-uugali at masarap na bunga ng Certificate Program: higit na pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Malalim na Pagkaunawa sa Asignatura.** Sa sampung punonggurong nakapanayam, sampu (10) ang nagsabi na nakatulong ang CP dahil nagkaroon nang malalim na kaalaman ang mga guro sa asignatura. Bilang patunay ganito ang ilan sa kanilang ipinahayag:

*"Nagkaroon ng masteri sa kontent."*

-PG1

*"Nagkaroon nang malalim na pag-unawa sa Filipino sa mga teoryang romantismo, realismo, klasisismo."*

-PG2

*"Higit na naging maalam ang mga guro sa araling tinatalakay."*

-PG6

*"Naibigay ang mga sapat na kaalaman."*

-PG7

*"Nagkaroon nang malawakang kaalaman upang maibahagi sa mga mag-aaral."*

-PG8

*"Naitaas ang kalidad ng pagtuturo sa asignaturang ito bungsod ng kaalamang nakuha ng gurong dumaan sa masusing programa na na inihanda sa Certificate Program."*

-P3

**Pagbabago sa Pamamaraan at Teknik.** Nagkaisa ang mga punungguro na malaki ang naitulong ng CP sa larangan ng pagpapasidhi sa kontent, gayundin lima ang nagpahayag na nagkaroon ng transpormasyon ang pamamaraan ng pagtuturo ng guro na madalas na makita sa kanilang obserbasyong pangklase. Ganito ang kanilang naging pahayag:

*"Nagkaroon ng pagbabago sa teknik dahil gumagamit na ng graphic organizer, KWL, semantic mapping at iba pang estratehiya."*

-PG2

*"Naiangkop ng guro ang estratehiya sa pagtuturo at napadali ang paglilipat ng kaalaman."*

-PG3

*"Nagamit ang natutuhan sa epektibong proseso ng pagtuturo."*

-PG1

*"Naisakatuparan nila ang layunin ng mga aralin dahil sa mga pamamaraan, estratehiya, makabagong kagamitan sa pagtuturo."*

-PG4

*"Nasisiyahan ang mga mag-aaral at nakikiisa sila sa talakayan at mga gawain."*

-PG9

*"Naiangkop ang guro ang kanyang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino bunga ng mga pagsasanay at halimbawang ipinamalas sa CP."*

-PG3

Malinaw na nag-oobserba ang mga punungguro upang makapagkomento sa ilang mga estratehiyang ginagamit sa klase at nakita ang bunga ng paggamit ng mga makabagong pamamaraan at teknik sa pakiisa ng mga mag-aaral nang masaya at dinamiko sa klase.

**Pagbabago sa Pag-uugali at Pagpapahalaga.**Dahil ang kurso ay binubuo ng 24 na yunit, nagbago ang pag-uugali at pagpapahalaga ng mga guro ayon sa obserbasyon ng kanilang mga punungguro. Bilang patunay, apat ang nagpahayag ng ganito:

*"Naging mas dedicated/committed sa pagtuturo."*

-PG1

*"Inembrace/Niyakap at pinahalagahan niya ang pagtuturo."*

-PG2

*"Naging masconfident siya dahil natuto sa dalawang summer."*

-PG10

*"Nagkaroon ng kakayahan at tiwala sa sarili ang gurong di-medyor dahil alam na niya na mas alam na niya ang kanyang ginagawa batay sa pamantayan hinihingi ng asignatura."*

-PG3

Malinaw na nagkatulong ang CP sa paglinang ng positibong pag-uugali at pagpapahalaga ng mga gurong kalahok. Na ang tunay na

pagbabago ay nanggagaling sa loob at maaninanaw sa bukas na mukha, at ang laman ng puso ay ipinapakilala ng buka ng bibig at naipamamalas sa gawa.

**Masarap na Bunga ng Certificate Program: Higit na Pagkatuto ng mga Mag-aaral.** Naniniwala ang apat na punungguro na ang anumang natutuhan ng mga guro ay dapat makapagpalabas nang mas mataas na lebel ng pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral. Na ang impormasyong nakamit ay dapat makapagbigay ng transpormasyon sa kanilang mga mag-aaral lalo na sa pagpapatindi sa kaalaman at kasanayan pati na ang pag-iimpluwensiya sa pagiging mabuting mamamayan ng kanilang tinuturuan.

Ayon sa mga nakapanayam:

*"Itinaas nito ang achievement level dahil nakatulong sila upang mapataas ang reading ability ng mga mag-aaral."*

-PG1

*"Nag-improve sila kasama ng kanilang training na inattend at di na de kahon ang pagtuturo at di na compliance lamang."*

-PG2

*"Naitaas ang kalidad ng pagtuturo sa asignaturang ito."*

-PG7

*"Napadali ang paglilipat ng kaalaman sa mga mag-aaral dahil mas naging simple at nailebel sa kakayahan ng mga bata na dati'y puro content-based at halos nakalimutan na ang ibang aspekto."*

-PG3

Bagamat hindi lamang ang 19 na gurong kalahok ang bumubuo sa Sangay ng Pampanga, at maraming salik ang pagtaas ng achievement level sa Filipino, siniyasat ng mananaliksik ang mga resulta ng National Achievement Test (NAT) upang magkaroon ng balidasyon sa sinasabi ng mga punungguro.



**Talananayan Blg. 4**  
***Komparatibong resulta ng NAT year II sa sangay ng Pampanga***

<b>P.T.</b> <b>2008-2009</b>	<b>P.T.</b> <b>2009-2010</b>	<b>NAG</b>	<b>P.T.</b> <b>2010-2011</b>	<b>NAG</b>
48.80 %	56.42%	7.62%	57.17%	0.75%

Sa mabilisang pagtingin sa resulta ng NAT, pataas ang pag-unlad nito na may pinakamataas na pag-unlad sa pagitan ng taong 2009-2010 na 7.62%. Malinaw rin sa talananayan na hindi pa naabot ng Pampanga ang minimum na target na kompetensi na 75% ng mga mag-aaral. Bagamat hindi kongklusibong mababanggit na ang papataas na pag-unlad ng NAT ay bunga o impluwensiya ng CP, mahihinuha na may bahid ng katotohanan ang sinabi ng mga punungguro na nagdulot ng positibong bunga ito sa sistema ng paturuan. Higit marahil ang pagtaas ng resulta ng NAT kung magkakaroon pa ng ayuda o pagtulong sa iba pang gurong di-medyor.

Sang-ayon sa mga naunang pag-aaral, binanggit na ang mataas na sertipikasyon ng guro sa pagtuturo ay ang pinakamalakas na prediktor sa mataas na achievement level ng mga mag-aaral (Darling-Hammond, 2000). Bagamat may pag-aaral ding nagpapatunay na ang akademikong preparasyon ng bata (paaralang pinasukan), *class size at study habits* ay nakatutulong din sa pagkuha ng mataas na *performance* sa NAT (Wanniwan, 2009).

Siniyasat din ang mga resulta ng NAT sa mga paaralan ng mga kalahok na guro kung nakapagdulot ng pagbabago ang training ng mga guro sa performance ng kanilang mga paaralan.

**Talananayan Blg. 5**  
***Komparatibong resulta ng NAT year II ng mga paaralan ng mga kalahok na guro***

<b>P.T.</b> <b>2008-2009</b>	<b>P.T.</b> <b>2009-2010</b>	<b>NAG</b>	<b>P.T.</b> <b>2010-2011</b>	<b>NAG</b>
46.45%	55.87%	8.66%	52.25%	0.22%

Sa pagsusuri sa resulta ng NAT ng mga paaralang nabanggit ay makikitang may biglang pagtaas ng marka sa 2009-2010 na 8.66% at ito'y naipagpatuloy dahil sa pag-angat nang bahagya sa marka (0.22%)

taong 2010-2011. Masasabing balido ang ganitong mga resulta dahil magkakaiba man ang mga mag-aaral ay palitan ang mga guro at punungguro sa iba't ibang paaralan at klaster sa pagbabantay bilang mga *room examiners at proctors* na itinakda ng division office upang mapanatili ang kasagraduhan at katapatan ng mga resulta ng mga pagsusulit. Ang katumpakan at katapatan ng mga resulta ay pinatotohanan din ng mga Education Program Supervisors (EPS) sa sangay at rehiyon na may intensibong *monitoring* sa araw ng mga pagsusulit.

### **Mungkahing Solusyon ng mga Gurong Di-Medyor Para Mapataas ang Kompetensi ng Mga Mag-aaral sa Filipino**

Siniyasat din ang mga kasagutan sa talatanungan kung paano maitataas ang kompetensi ng mga mag-aaral sa Filipino sa pananaw ng mga gurong kalahok at punungguro.

Nagmungkahi ng mga solusyon ang mga di-medyor na guro at hinati ito sa apat na kategorya: pagpapatuloy sa CP at programang pangkasanayan, pagkakaroon ng aklat at kagamitang pampagtuturo, pamamaraang titiyak sa partisipasyon at pagkatuto, kooperasyon ng mga mag-aaral at guro bilang instrumento ng karunungan at pagbabago.

**Pagpapatuloy ng CP at Iba Pang Programang Pangkasanayan.** Labindalawa sa mga gurong kalahok ang bumanggit na dapat ipagpatuloy ang CP lalo na sa mga gurong di-medyor, gayundin, sinusugan nila na kailangang ipagpatuloy ang mga panubaybay na seminar upang makaagapay sa mga pagbabago sa pagtuturo ng papalit-palit na kurikulum.

*"Magkaroon ng karagdagang mga taon sa CP para sa pag-aaral at paglalaan ng pondo para maisakatuparan ito."*

-G4

*"Mag-aral pa ang mga gurong di-medyor sa Filipino."*

-G 7

*"Magbigay ng pagkakataon para sa mga gurong makapag-aral ng libre kagaya ng scholarship program sa mga gurong di-medyor na kulang talaga ang kaalaman sa pagtuturo."*

-G 16, 17

*"Kailangang magkaroon ng programang pangkasanayan para sa mga gurong di-medyor."*

-G18

*"Pagpapatuloy sa pagpapakadalubhasa sa mga estratehiya upang makapag turo nang mahusay."*

-G17

*"Madagdagan ng seminar upang lumawak ang kaalaman."*

-G 5, 6, 10, 13, 14

*"Pag-aaral ng mga gurong di-medyor tulad naming natapos sa CP."*

-G 10

Nakita ng mga gurong kalahok na hindi pa sapat ang pag-aaral sa ilalim ng CP at nais pa nila ng patuluyang pag-aaral/seminar para maiangat pa ang kanilang kompetensi sa pagtuturo upang makasabay sa panawagan ng pagbabago.

**Paglilimbag at Pagkakaroon ng mga Aklat at Kagamitang Pampagtuturo.**Pito sa mga gurong kalahok na nagsabing kailangan nila ng mga aklat at sanggunian hindi lamang para sa kanila kundi maging sa kanilang mga mag-aaral.

Ang ganitong suliranin ay napatotohanan sa mga obserbasyong pangklase na tanging guro lamang ang may aklat dahil sa prayortisasyon ng mga punungguro sa ibang kailangan ng paaralan.Kung may aklat mang mababanggit ang ibang gurong kalahok ay di na akma sa kasalukuyang kurikulum.

Bagamat iminungkahi ng Central Office ang "bookless curriculum", marami pa ring gurong medyor man o di-medyor ang haplit na humihingi ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang mga pamamaraang naituro sa mga pasanayan sa mga kolaboratibong pamamaraan bilang interbensyon sa kakulangan ng mga aklat at kagamitan ay hindi pa sapat sa mga gurong waring naging saklay na ang aklat sa pagtuturo sa kabila ng panawagan na kailangan nilang maging maparaan at malikhein.

**Pamamaraang Titiyak sa Partisipasyon at Pagkatuto.**Hindi rin pinaligtas ng tatlong gurong kalahok ang mga mungkahing

pamamaraan para magkaroon ng aktibong partisipasyon sa klase na titiyak sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ilan sa mga naimungkahi ay:

*"Pagsisimula sa pagganyak na pupukaw sa interes para magustuhan ang aralin."*

-G9

*"Pag-iiba-iba ng mga gawain sa mga aralin na bago sa paningin ng mga mag-aaral."*

-G9

*"Dapat higit na marami ang gawain ng mga bata kaysa sa mga guro."*

-G11

*"Magsilbi lamang tagasubaybay ang guro/ tagapayo at papasok lamang kung hindi kaya ng mga mag-aaral."*

-G11

*"Kailangang palaging may sapat na kaalaman sa iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo."*

-G16

Sa mga iminungkahi ng mga gurong kalahok, malinaw na makikita na upang maging matagumpay sa proseso ng pagtuturo sa Filipino, naniniwala sila na kailangang magkaroon ng kaalaman sa iba't ibang estratehiyang integratibo, kolaboratibo at kooperatibo ang guro maging sa probisyon sa gawain "para mapalabas ang multiple intelligences ng mga bata nang malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip at aktibong partisipasyon (Gardner, 1983).

**Kooperasyon ng mga Mag-aaral.** Tatlong guro ang bumanggit na kailangan ang kooperasyon ng mga mag-aaral upang matuto. Kahalintulad ito ng salawikaing maaari mong akayin ang kabayo sa balon subalit hindi mo ito mapipilit na uminom. Kung gayon, kailangang masuri ng guro ang estilo ng pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral kung sila ay "*concrete*", "*analitikal*", komunikatib, at "*authority-oriented*" (Badayos,1999) nang makapaglapat ng katugon na gawain at gantimpala.

Ayon sa mga gurong kalahok:

*"Kailangang makipagkooperasyon ang mga mag-aaral sa guro."*

-G12

*"Dapat lawakan ng bata ang kanyang pagbabasa."*

-G15

*"Kailangang maglaan ng oras ang mga bata sa pagbabasa."*

-G17

Sa mga itinakdang gawain sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan, ang pagsunod sa kasunduan ay napakahalaga sa guro nang mapabilis ang proseso ng talakayan at pangkatang gawain upang maabot ang mga layunin ng mga aralin sa silid-aralan.

Malalagom dito, na gaano man kaalam ang guro sa mga estratehiya kung hindi isinasapuso ng mga bata ang mga gawain, gaano man kahusay ang mga plano at paghahanda ay mawawalan ang mga ito ng saysay.

**Guro Bilang Instrumento ng Karunungan.** Naniniwala ang tatlong kalahok na guro pa rin ang dapat unang mahubog upang maging epektibong magturo.

Ayon sa kanila:

*"Kasanayan ng guro sa pagtuturo ang pinakamabisang solusyon dahil hindi mo maibibigay ang wala sa iyo."*

-G18

*"Magkaroon ng dyalogo ang guro sa iba at magpalitan ng kaalaman sa pagtuturo ng gramatika at panitikan."*

-G15

*"Gabayan at limitahan ang mga loads na ibinibigay sa mga di-medyor."*

-G14

Mahahalaw sa mga sagot ng mga gurong kalahok na kailangan talagang magpakadalubhasa ang guro sa wika at kailangang taglay niya

ang kahusayang gramatikal, pandiskurso, sosyo-linguistik at istratejik upang maging mabisa sa asignatura. Ang *mentoring program* ay isa ring adbantahe kung nagagawa ng mga guro sa loob ng departamento na magpalitan ng mga *best practices* nang mahamugan ang ibang nagsisimula at di-medyor sa kahingian ng asignatura.

Naniniwala si Lemleck (2004) na kasamang guro sa paaralan ang higit na epektibong tagaturo (mentor) dahil nauunawaan niya at naranasan ang mga karanasan at kahirapan (stuggles) ng baguhang kasama sa paaralan.

Ipinahihiwatig ng mga naunang talakay na ang kooperasyon ay hindi lamang sa pagitan ng mga mag-aaral bagkus malaki rin ang adbantahe ng pagtutulungan ng magkakasamang guro sa paaralan dahil ayon kay Kagan (1994), ito ay nagbubunga ng suportang sikolohikal, pag-usbong ng bagong ideya, pagmomodelo sa kooperasyon, dagdag na kapangyarihan sa mga guro, kabawasan ng trabaho, pagganyak at pagpapatuloy ng pagbabago.

### **Mungkahing Solusyon ng mga Punungguro sa Pagpapataas sa Kompetensi sa Filipino**

Iniharap sa bahaging ito ang limang hakbang upang mapataas ang performance sa Filipino batay sa pananaw ng mga punungguro. Ito ay ang mga sumusunod: pagpapatuloy sa CP, pagpapanday sa mga guro sa mga seminar, pag-aantabay ng iba sa mga di-medyor, pagproprodyus ng kagamitang pampagtuturo at pagbibigay ng limitadong *loads* sa mga di-medyor.

**Pagpapatuloy sa Certificate Program.** Sa dami ng mga di-medyor sa sangay sa iba't ibang asignatura, iminungkahi ng sampung punungguro na maipagpatuloy o ma-institutionalize ang CP nang sa ganoon ay mahubog ang iba pang di-medyor nang makatulong sila sa pagpapaangat ng kalidad ng edukasyon.

Ayon pa sa kanila:

*"Dapat magkaroon ng continous process ang CP. Dahil "we don't stop scholarly educating ourselves." (Hindi tayo tumitigil sa iskolarling pag-aaral para sa atin sarili.)"*

-PG1

*"Ipagpatuloy ang CP para hindi mahirapan ang mga gurong di-medyor sa mga problema sa pagtuturo."*

-PG2

*"Sana madagdagan pa ang mga iskolar sa Filipino nang lalong mapaunlad pa ang kanilang pagtuturo."*

-PG6

*"Ipagpatuloy pa ang nasabing programa upang hindi maudlot ang paglagong intelektwal ng mga gurong di-medyor."*

-PG3

Nananangan ang mga punungguro sa biyaya ng *scholarship program* upang higit na masolusyunan ang pangangailangan ng mga di-medyor na guro. Anila, ang edukasyon ay buhay at nagiging makabuluhan lamang ang pagtuturo kung ito'y palaging nadidiligan ng sariwang mga ideya mula sa patuloy na pag-aaral. Ang tatak o katangian ng mahusay na guro ayon nga kay Reyes (2004) ay yaong masayahin, maaasahan at nagaganyak na maipagpatuloy ang minimithing pag-unlad propesyunal.

**Paggabay sa mga Gurong Di-Medyor.** Ang paggabay ng higit na makaranasang guro sa baguhan at di-medyor ay iminungkahi ng dalawang punungguro. Ayon kay Bush at Coleman (1995), ang *"mentoring"* ay mahalagang paraan ng pagpapaunlad propesyunal. May mga ebidensya na ito ay nagpapaunlad ng performans sa trabaho at personal na kasiyahan (Grant, Abbott, Stering at Atkins, 2006). Ang mga *department heads, master teachers* ay maaaring makatulong ng mga punungguro sa pagpapatalas ng kompetensi ng mga gurong di-medyor nang mapunuan ang kahinaan ng mga kulang sa karanasan.

Binanggit nila ang mga sumusunod:

*"Sana magkaroon ng mentoring program para sa mga gurong bihasa sa wika at estratehiya upang mabigyang ayuda o agapay ang mga gurong di-medyor."*

-PG3

*"Dagdag pa ang bisita sa kanilang mga klasrum para matulungan sila sa kanilang kahinaan."*

-PG6

Ang *mentoring program* ay matagal nang nailunsad sa Sangay ng Pampanga sa mga asignaturang English, Matematika at Agham. Ang konsepto nito na paggabay sa mga *mentees* ng mga *mentors* ay dapat ding gamitin sa Filipino ayon sa mga punungguro upang mabiyayaan ang mga gurong di-medyor nang makaahon sa napakaabang kalagayan sa pagtuturo.

**Pagprorodyus ng mga Kagamitang Pampagtuturo.**

Tatlong punungguro ang bumanggit ng kahalagahan ng pagpapalabas at pagpaparami ng mga kagamitan sa pagtuturo upang makatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Nilinaw ni Tomlinson (1998) na binanggit nina Villafuerte at Bernales (2008), na kailangang makapili ang guro ng mga kagamitang una, magkakaroon ng impak at interes lalo na kung ito’y may katangiang bago(novelty), barayti, kalugud-lugod ang presentasyon, nakasisiyang nilalaman at ikalawa, nakatutulong sa mga mag-aaral upang maging mahinahon kung nakaugnay ito sa kanilang kultura.

Ganito ang binanggit ng mga punungguro hinggil sa kagamitang pampagtuturo:

*"Maglimbag ng mga portfolio ng mainam na estratehiya at gabay para maging epektibo sa pagtuturo ang mga guro sa paaralan."*

-PG3

*"Magkaroon ng dagdag na aklat na batayan, teaching guide para mapadali sa mga gurong di-medyor ang pagtuturo. Magpalabas din ng mga hand-outs sa pagpapahusay sa pagpapaturo at maibahagi ito sa mga di-medyor."*

-PG3

*"Magparami ng mga modyul na nagtataglay ng iba-ibang gawain at pagtataya sa bawat aralin upang maging lunas sa mga di-namaster na kasanayan."*

-PG7

*"Dagdagan ang mga aklat, babasahin, journal, interbensyon sa pagtuturo at makabagong kaalaman sa tulong ng ICT."*

-PG4



Naniniwala ang isang punungguro na kailangan din ang integrasyon ng paggamit ng kompyuter sa pagtuturo dahil ito ang pangangailangan ng kasalukuyang panahon ng globalisasyon. Pinatotohanan ito ni Angara (1997) na binanggit nina Villafuerte at Bernales (2008) na ang paggamit nito ay pagpapakita ng malawakang kaalaman ng tao, liberasyon sa mga gawaing itinakda sa kompyuter para mabigyan ng pagkakataon ang mga bata na maging malikhain at maging mahusay sa ginagawa. Dinagdag pa niya ang benepisyong hatid ng kompyuter: multisensory delivery, sariling ekspresyon at aktibong pagkatuto, pag-iisip kritikal, pagkatutong tulong-tulong at kasanayang pangkomunikasyon.

Ang teknolohiyang instruksyunal ay nagbukas sa mundo ng kagamitang multi-media na nagdudulot ng mga bagong pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto sa lahat ng antas ng institusyong akademiko. Nararapat lamang na matalinong pumili at magpasya ang guro ng media at teknolohiyang gagamitin sa konteksto ng pagtuturo kung ito'y magbibigay-daan sa matagumpay at mataas na lebel ng pag-aaral at pagkatuto.

**Paglimita sa Loads ng mga Gurong Di-Medyor.**Lahat ng mga punungguro ay naniniwala na higit na epektibo pa rin ang mga gurong medyor sa asignatura kaya minungkahi nila na kung magbibigay ng loads ang mga punungguro ay dapat mas kaunti o limitado lamang sa mga di-medyor at ilinya sila sa kanilang mga espesyalisasyon. Magiging katuwang ang mga di-medyor sa asignatura kung talagang wala ng magtuturong medyor para sa asignatura. Makatwiran anila ang ganitong mungkahi, dahil kung ang mga medyor ay nahihirapan sa papalit-palit na kurikulum ay higit ang mga di-medyor na nangangailangan ng matagal na pag-aangkop sa mga pagbabago maliban pa sa kailangang mapanatili ang higit na mataas na pamantayan (istandard) sa pagtuturo.

Tunay na napakaraming suliranin sa loob ng paaralan na kailangang aksyunan, hindi lamang ang suliraning pangguro, subalit sa liwanag ng mga unang natalakay, ang Certificate Program ay isang interbensyong sinang-ayunan ng sampung punungguro na dapat pahalagahan upang mapataas ang kompetensi ng mga gurong di-medyor nang maging epektibong guro ng instruksyon.

### **LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Ilalahad sa bahaging ito ang naging lagom, kongklusyon at rekomendasyon sa ginawang pag-aaral.

## Lagom ng Natuklasan

Batay sa isinagawang pananaliksik, ang mga sumusunod ang natuklasan sa pag-aaral na ito.

1. May iba't ibang suliraning kinaharap ang mga gurong kalahok na di-medyor bago sila nag-aral sa Certificate Program. Ito ang mga sumusunod: a) ampaw na kaalaman sa nilalaman at kahingian ng asignaturang Filipino; b) mabuway na kaalaman sa pagpapadaloy ng talakayan; c) garil na pagfi-Filipino sa midyum ng pagtuturo at d) kawalan ng kagamitang pampagtuturo nang makatawid sa tulay ng pag-unawa.

Tinangka rin solusyunan ng mga gurong kalahok ang kanilang kalagayan sa tulong ng mga sumusunod: a) paghahanap/paghihiram ng mga kagamitang pampagtuturo; b) pagsasaliksik sa kailangan sa aralin; c) paghingi ng tulong sa iba; d) paghahanap ng mga estratehiyang pupukaw sa mga mag-aaral at e) pagpuno sa sariling kakulangan.

2. Naging mabining hamog o biyaya ang Certificate Program sa mga uhaw na kabalikat na di-medyor sa Filipino ayon sa pananaw ng 19 na gurong kalahok sa pamamagitan ng mga sumusunod: a) malalim na pagkaunawa sa asignatura; b) paglinang ng positibong damdamin at saloobin sa pagtuturo; c) suhay-kaalaman sa pagpapadaloy sa aralin at d) kasanayan sa wika: kasangkapan sa pag-abot ng pag-unawa.

Sa pananaw ng 10 punungguro, nagkaroon din ng impak ang Certificate Program sa mga guro nilang di-medyor sa mga sumusunod na paksa: a) malalim na pagkaunawa sa asignatura; b) pagbabago sa pamamaraan at teknik; c) pagbabago sa pag-uugali at pagpapahalaga at d) masarap na bunga ng Certificate Program: higit na pagkatuto ng mga mag-aaral.

3. Naglahad din ng mga mungkahing solusyon ang mga gurong di-medyor upang mapataas ang kompetensi ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: a) pagpapatuloy sa Certificate Program at iba pang programang pangkasanayan; b) pagkakaroon ng mga aklat

at kagamitang pampagtuturo; c) pamamaraang titiyak sa partisipasyon ng mga mag-aaral; d) kooperasyon ng mga mag-aaral at e) guro bilang instrumento ng karunungan.

Nagmungkahi rin ang mga punungguro ng mga solusyon upang mapaangat ang kompetensi sa Filipino. Magagawa ito sa pamamagitan ng mga ito: a) pagpapatuloy sa Certificate Program; b) paggabay sa mga gurong di-medyor; c) pagprorodyus ng mga kagamitang pampagtuturo at d) paglilimita sa *loads* ng mga gurong di-medyor.

### **Kongklusyon**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, ang mananaliksik ay humantong sa mga sumusunod na kongklusyon:

1. Hindi naging epektibong guro ang mga gurong di-medyor bago inilunsad ang Certificate Program dala na rin ng kakulangan sa paghahanda at sertipikasyon sa asignatura na pinatunayan ng mga mababang resulta ng National Achievement Test. Bagamat, ipinakita nila ang kanilang pagiging maparaan, malikhain at pagkukusa sa paghahanap ng mga solusyon upang mapataas ang kanilang kompetensi, hindi naging sapat ang mga ito. Kung kaya, nangangailangan ng panlabas na interbensyon/tulong na papanday sa kanilang mga kaalaman, kasanayan at pagpapahalaga upang maging epektibong kabalikat sa pagpapataas ng kalidad ng pagtuturo sa Filipino.
2. Nagkaroon ng malaking impak o bisa ang Certificate Program, bilang mabining hamog o biyaya dahil napunan nito ang kauhawan ng mga gurong kabalikat na di-medyor sa Filipino. Tatlong aspekto ng pagkatao ng mga gurong di-medyor ang nahamugan nito- ang intelektwal, emosyunal/pagpapahalaga at gawi o kilos sa pagtuturo kung kaya nakapagluwal din ng positibong impluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung ito ay nakapagpalalim sa kaalaman at kasanayan ng mga gurong di-medyor na nakapag-aral sa ilalim ng CP, di-malayong ito'y makatulong pa rin sa mga naiwan pang mga gurong di-medyor sa loob ng sistemang

edukasyunal sa iba't ibang asignatura upang maging mabunga rin ang kanilang pagtuturo at pagkatuto.

3. Maliban sa Certificate Program bilang interbensyon, dapat maaksyunan din ang iba pang salik sa pangangailangan ng mga guro at mag-aaral sa loob ng klasrum. Kung ang mga ito'y hindi matutugunan, nanganganib ding mapataasang kompetensi sa Filipino, maging sa ibang asignatura.

### **Rekomendasyon**

Matapos ang masusing pagsusuri at pagtitimbang-timbang sa mga datos na nakalap, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:


1. Sa mga gurong medyor at di-medyor sa Filipino, hubugin pa sana nila lalo ang mga sarili sa mga kailangang "sandata" upang higit na makapagturong mahusay sa harap ng higit na mapaghamong mundo ng pagtuturo at ng papalit-palit na kurikulum. Mapagtanto sana nila na ang propesyong pinasukan ay panghabambuhay na pag-aaral at muling pag-aaral upang maisabuhay ang misyon ng paghubog sa sangkatauhan para sa ikasusulong ng bayan at global na komunidad.
2. Sa mga opisyal ng DepEd, lokal na opisyal, punungguro at iba pang *stakeholders*, magkatuwang sana nilang balikatin ang mga hakbang upang mapaunlad ang kagalingan ng kanilang nasasakupan sa pamamagitan ng paglalaan ng sapat na pondo para sa *scholarship grants, training, promotion, team building* upang magkaroon ng *job satisfaction* ang kanilang mga guro na maglalandas sa higit na *school performance*. Na hayaaan din ng mga politiko at ibang *stakeholders* ang DepEd sa pagpili ng mga taong ilalagay sa iba't ibang posisyon batay sa tamang kwalipikasyon at merito nang hindi na dumami pa ang mga gurong di-medyor sa mga paaralan.
3. Ang nanlamig na sigasig ng *mentoring program* ay dapat muling ibalik, kasama ng bayanihan at *adopt-a-school* ng mga malalaking paaralan sa mga maliliit na paaralan,

nang masolusyunan ang mga suliraning pang-internal tulad ng kakulangan ng mga aklat at materyal, paglilipat ng mga gurong higit na kailangan sa ibang paaralan nang mailinya ang mga guro sa saklaw ng kanilang espesyalisasyon at paghihiraman ng mga *best practices* upang sama-samang maiangat ang sangay sa minimithing antas ng kahusayan.

4. Iminumungkahi ring magsagawa ang ibang mananaliksik ng katulad na pag-aaral lalo na sa ibang asignatura upang magkaroon ng pagtutulad at paghahambing sa mga naging resulta.

### Sumibol na Estrukturura

Matutunghayan sa sumisibol na estruktura kung paanong ang certificate program ay naging mabining hamog sa mga gurong di-medyor sa Filipino pati na sa kanilang mag-aaral. Kaya, nangangailangang ito'y itaguyod muli bilang isang interbensyon upang maiangat ang kabuuang performans ng iba pang kabalikat na di-medyor nang maitaas ang kompetensi ng mga mag-aaral sa Filipino. Subalit ang adhikaing ito ay kailangang pagtulungan ng DepEd, LGUs, Service Providers at iba pang stakeholders.



**Figura 1.** Sumibol na Estrukturura: Impak ng Certificate Program sa mga Uhaw na Kabalikat na Di-Medyor sa Filipino

**Mga Sanggunian**

- Arnilla, A. (2008). *Paggamit ng Teknolohiyang Pang-edukasyon at Antas ng Kahusayan sa Pagtuturo ng mga Guro sa Filipino*. Filipino Gen. Book. 52 Thesis 499.21 10711 Ar62 p2008.
- Badayos, P. (1999). *Methodolohiya sa Pagtuturo ng Wika (Mga Teorya, Simulain at Istratehiya)*. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation.
- Beerens, D. (2000). *Evaluating Teachers for Professional Growth: Creating a Culture of Motivation and Learning*. California: Corwin Press.
- Bell, C. & Goldsmith, M. (2006). *Building Partnerships for Learning*. San Francisco: Barrett-Roehler.
- Belvez, P. (2000). *Ang Sining at Agham ng Pagtuturo: Aklat sa Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino at sa Filipino*. Lungsod ng Maynila: Rex Bookstore.
- Berliner, D. (1992). *The Nature of Expertise in Teaching*. In Oser, K., Dick, A. & Patry, J. (Eds.), *Effective and Responsible Teaching*, San Francisco, California: Jossey-Bass.
- Boiser, D. (2004). *Teaching Made Easy: Strategies and Styles*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.
- Brophy, J.E. & Good, T.L. (1986). *Teacher Behavior & Student Achievement*. I.M.C. Wittrock (Ed.) *Handbook of Research in Teaching* (3<sup>rd</sup>ed.): 328-375, New York: Macmillan.
- Buenaventura, R. (1999). *Use and View of Instructional Media Materials*. Master's Thesis, Diliman: University of the Philippines.
- Bush, T. & Coleman, M. (1995). *Professional Development of Heads: The Role of Mentoring in Journal of Educational Administration* 33: 60-73. doi: 10.1108/095782395-10098536.
- Buttler, C. & Wren Lyn Wood F. (1982). *The Teaching of Mathematic, 3<sup>rd</sup> Edition*. New York: McGraw Hill Book Co.
- Campbell, A., McNamara, O. & Gilroy, P. (2004). *Practitioner Research and Professional Development in Education*. London: Paul Chapman Publishing.

- Campbell, R.J., Kyriakides, L. & Muijs, R.D. (2004). *Assessing Teacher Effectiveness: Developing a Differential Model*. London: Routledge Falmer.
- Chomsky, N. (1965). *Aspect of a Theory Syntax*. Cambridge, MA: MIT Press.
- Constantino, P.C. (2005). *Filipino at Pagpaplanong Pagwika (Ikalawang Sourcebook ng SANGFIL)*. Sentro ng Wikang Filipino UP Diliman: Quezon City.
- Cruickshank, D. R., Jenkins, D. B. & Metcalf, K. K. (2006). *The Art of Teaching*. New York: McGraw Hill Company.
- Darling-Hammond, L. (2000). Teacher Quality and Student Achievement: A Preview of State Policy Evidence, *Education Policy Analyses Archives &1*): <http://www.epan.asa.edu/epan>.
- Dumlao, M.P. (2000). *Attributes and Teaching Performance of Public Elementary School Teachers in Botolan, South District Division of Zambales: Implications in Education Management*. NLP General Book (Thesis 372.1144 D896 9 2000).
- Eggen, P.D. & Kauchack, D. P. (2001). *Strategies for Teachers (Teaching Content and Thinking Skills)*. Massachusetts: Allyn and Bacon Pearson Education Co.
- Fennema, E. & Loef-Franke, M. (1992). *Teachers' Knowledge and its Impact, in D.A. Grows* (ed.) Handbook of Research in Mathematics Teaching and Learning. New York: MacMillan.
- Gage, N.L., Berliner, D.C. (1992) *Educational Psychology*. Boston: Houghton Mifflin Co.
- Gardner, Howard. (1983). *Frames of Mine. The Theory of Multiple Intelligences*. New York: Basic Books.
- Grant, A.M., Abbott, G.N. & Stening A. (2006). Coaching Expatriate Managers for Success Adding Value Beyond Training and Mentoring. *Asia Pacific Journal of Human Resources* 44(3) 295-317. doi. 101177/1038411 1060 069413.
- Guamen, P.C. et al. (1986). *Tanging Gamit ng Filipino*. Quezon City: Rex Bookstore.

- Kagan, S. & Kagan, M. (2009). *Kagan Cooperative Learning*. San Clemente, CA: Kagan Publishing and Professional Development.
- Lardizabal, A., Bustos, A.S., Bucu, L.C. & Tangco, N.G. (1996). *Principles and Methods of Teaching*. Quezon City: Phoenix Publishing House: 219.
- Lemleck, J. K. (2004). *Teaching in Elementary and Secondary Classrooms Building and Learning Community*. New Jersey: Pearson Merrill Printice Hall.
- Mack, A. (2010). The Characteristics of a Good Teacher. Retrieved May 25, 2014 from Helium, Inc. Website  
<http://www.helium.com/items/1086769-attributes-of-a-good-teacher>.
- Mandeville, G.K. & Liu, Q. (1997). The Effect of Teacher Artification and Task Level on Mathematics Achievement. *Teaching and Teacher Education* 13(4): 397-407.
- Marzano, R., Kendall, J.S. (2003) *Designing and Assessing Educational Objectives: Applying the New Taxonomy*. Thousand Oaks, California: Corwin Press.
- Mayos, Norma S. (2008). *Ang Guro sa Bagong Milenyong Mga Kagamitang Panturo sa Filipino*. Cabanatuan City: Jimcy Publishing House.
- Merydeth, E. M. (2007). *Leadership Strategies for Teachers 2<sup>nd</sup> Edition*. California: Corwin Press: Sage Publishing Company.
- Ordoñez, V. (2007). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Cabanatuan City: Jimcy Publishing House.
- Peterson, K.D. (1995). *Teacher Evaluation A Comprehensive Guide to New Directions and Practices*. California: Corwin Press, Inc.
- Reyes, F. C. (2003). *Unveiling Teacher Expertise-A Showcase of 69 Outstanding Teachers in the Philippines*. Manila: De La Salle University Press.
- Reyes, F. C. (2008). *A Model of Teaching Expertise: The Philippine Experience*. SMCL (St. Michael's College of Laguna) folio 14 (1): 1-58.



- Rogers, B. (2003). *Effective Supply Teaching Behavior Management, Classroom Discipline and College Support*. London: Thousand Oaks, California, P. Chapman Publication.
- Stinnett, T. M. (1983). *Professional Problems of Teachers*. New York: McMillan Book Company, Inc.
- Stoll, L. & Fink, D. (1996). *Changing Our Schools*, Buckingham: Open University Press.
- Straus, A. & Corbin, J. (1998). *Basics of Qualitative Research*. United States of America: Sage Publications, Inc.
- Stufflebeam, D.L. at Shinkfield, A.J. (1990). *Systematic Evolution*. Lancaster: Kluwer-Nijhoff.
- Sutaria, M.C. (1984). Quality, Trust of Elementary Education. *The Educational Journal 1*.
- Villafuerte, P. V., Benales, R. A. (2008). *Pagtuturo sa Filipino: Mga Teorya at Praktika*. Valenzuela City: Mutya Pulishing House.
- Vizcara, F. (2003). *Introduction to Educational Research*. Quezon City: Great Books Trading.
- Walberg, H.J. (1986). *Synthesis of Research on Teaching*. In M.C. Wittrock (ed.) *Handbook of Research on Teaching*. New York: MacMillan.
- Walberg, H. (1986) *Children and Youth Interdisciplinary Perspectives*. Thousand Oaks: Sage Publication.
- Wanniwan, M. F. (2008). *A Regression Model for the National Achievement Test*. Master's Thesis. Pampanga: University of the Assumption.